Mar 29, 2007 (22 hours ago)

Goodbye, Solar Power! Hello, Rising Sun!

from Sir Arao by danny
My web host Dreamcode encountered what a staff described last week as “hardware issues” in the server where I upload my Web files. These “issues” resulted in server downtime and, much worse, the deletion of my database files.

As you know, blogs manage content through database-generating programs like PHP. Given that I failed to have a local backup of my posts from August 2005 to March 2007 - and there are over 100 of them! - the latter are now obliterated from cyberspace.

In other words, my erstwhile blog Solar Power is no longer in existence. (If you’ve typed “solarpower.dannyarao.com” on your browser’s address bar, this would explain why you’ve been redirected to this new subdomain.)

If it’s any consolation, all of my HTML, JPG, PDF and other non-database files are still intact. This means that Danny Arao online and (more importantly?) Danny & Joy: The Wedding Special were not affected by my web host’s server problems. I am also fortunate to have saved the widgets and plugins I installed on Solar Power which I obviously re-installed here.

Some of them, of course, had to be re-generated to reflect the new subdomain name. So don’t be surprised, for example, if my Technorati-based “blog worth” (see my sidebar) suddenly fell to zero as of this writing.

Don’t get me wrong. I’m not blaming my web host which still charges the one of the lowest rates for domain name registration and web hosting, and whose technical support remains efficient. In fact, I even admire the staff’s curt, apologetic and firm replies regarding the status of my erstwhile blog.

Much as I hate to admit it, it’s my fault that I failed to back up my PHP-generated files. Let this be a lesson learned to all you bloggers out there (as well as webmasters who maintain database files): Back up EVERYTHING!

By the way, please contact me as soon as possible if your website is not yet on my blogroll. Just like my posts, I did not have list of websites I included in Solar Power. As of today, I only have those that link to my former blog as reflected in Google “link” search.

Having said that, welcome to my new blog aptly called **Rising Sun**. Consider this not a fresh start but a forced one.

Add starShareEmailMark as readEdit tags:

- up-people

Mar 19, 2007 10:42 PM

UP CMC Professors Condemn Violation of Rep. Satur Ocampo's Rights

from Sir Arao by Danny

N.B. - This press statement released on March 20 (Tuesday) was signed by 18 faculty members of the University of the Philippines College of Mass Communication (UP CMC) led by Dean Elena Pernia. For verification, please call the UP CMC Department of Journalism at 920-6852.

The undersigned faculty members of the University of the Philippines College of Mass Communication (UP CMC) condemn in the strongest possible terms the filing of multiple murder charges against Bayan Muna Rep. Satur Ocampo which resulted in his arrest and detention last March 16.

That the charges were filed during the election season is already questionable, especially since Ocampo's Bayan Muna Partylist group is running for representation in the House of Representatives and has been repeatedly accused by the powers-that-be as a communist front. The situation is preposterous as the crimes he allegedly committed happened more than two decades ago while he was in detention.

The authorities even had the audacity to push for his transfer to Hilongos, Leyte – where the case against him was filed – despite the scheduled oral arguments before the Supreme Court on March 23. If Rep. Ocampo can be denied due process, what kind of treatment can others similarly accused expect from this government?

Rep. Ocampo's wife, Prof. Carolina Malay, was a faculty member of the UP CMC Department of Journalism from 1992 to 2000, during the last five years of which she was department chair. We admired Prof. Malay then for her dedication to the teaching and journalism profession, and we commend her at this point for her strength and unwavering resolve to fight for truth and justice. We join her in her struggle to uphold and protect our basic freedom.

We call on the authorities to stop harassing Ocampo and his co-accused and to respect their basic rights. An administration that claims to be both legitimate and serving the interest of the people is expected to do no less.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Mar 14, 2007 10:49 PM

Para sa mga tumutugis kay Satur Ocampo

from Sir Arao by Danny
N.B. - This was published in Vol. 6, No. 10 (March 14-20, 2007) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw6-10/op_ed/ed-6_10_3.htm

Sumugod kayo sa bahay ni Bayan Muna Rep. Satur Ocampo noong Sabado ng umaga sa Heroes Hill, Quezon City sa bisa ng isang *arrest warrant* na nakasaad ang maling *address* na "Commonwealth Avenue." Maaaring maliit na bagay lang ito para sa inyo, pero ipinapakita nitong hindi naging masinop ang paghahanda ng kaso laban sa kanya.

Kung simpleng *address* lang ng bahay niya ay hindi makuhang tama, paano pa kaya ang seryosong akusasyon ng maramihang pagpatay na nangyari 22 taon na ang nakaraan habang si Ocampo ay nakakulong, at nasa *maximum security* pa mandin? At tandaang ito ay nangyayari sa panahon ng eleksiyon na kung saan ang Bayan Muna ay kabilang sa mga *party-list group* na tatakbo sa House of Representatives. Kabilang din ang Bayan Muna sa mga grupong inakusahan ng administrasyong Macapagal-Arroyo na prente ng mga komunista.

Batay sa mga pahayag sa midya, sinabing ginagawa n'yo lang ang inyong trabaho sa pagtugis kay Ocampo. Sa partikular, sinusunod n'yo ang hukom na nakakita ng *probable cause* sa kasong isinampa. Pero hindi ba't trabaho n'yo ring protektahan at pagsilbihan ang mamamayan? Bagama't nararapat lang na parusahan ang mga nagkasala, hindi ba't higit na nararapat na suriin din ang konteksto ng pagtugis kay Ocampo? (more…)

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Mar 12, 2007 1:18 AM

Watch Sapulso on QTV tonight!

from Sir Arao by Danny

Warning: Post-Valentine shameless plug ahead!

Please watch *Sapulso* on QTV (i.e., channel 11 on free TV, channel 24 for SkyCable subscribers) **tonight (March 12) at 10 p.m.** Our love story will be featured in one of the show's segments.

Sapulso segment producer Rowie Cantuba and co-host Valerie Tan, along with three other staff, went to our house in Marikina City last March 9 (Friday) to interview Joy and I. They also took footage of us doing what we normally do in the house (and it's not what you think).

Given the segment's limited time, I do not know, of course, what will be included in tonight's show. Hope you'll take time to watch tonight. Cheers!

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Mar 8, 2007 1:49 AM

Diskarte at diskurso sa motorsiklo

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 6, No. 9 (March 7-13, 2007) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw6-09/op_ed/ed-6_09_3.htm.

Mapanganib ang mga lansangan hindi lang dahil sa masasamang elementong naglipana sa lipunan.

Nariyan din ang sitwasyong ang mga batas-trapiko ay hindi iginagalang ng ilang taong walang pakundangang magmaneho ng kanilang sasakyan. Ang mga batas na ito ay liberal ding ipinapatupad ng ilang pulis-trapikong ang konsepto ng buwanang sahod ay kasama ang arawang nakukuha sa mga kawawang drayber.

Nagiging magulo tuloy ang ayos ng trapiko sa mga lansangan. Ito ang dahilan ng maraming pagtatalo hindi lang sa pagitan ng mga motorista kundi ng mga taong halos mamuti na ang mata sa kahihintay sa mga kasamahang nagmistulang “bilanggo” ng trapiko. (more…)

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Mar 5, 2007 4:11 AM

A friendster love affair

from Sir Arao by Danny

N.B. - This post is slightly delayed because it was only last March 3 (Saturday) that I finally got hold of the February 2007 issue of Silangan, *a monthly Filipino magazine distributed in Japan, where my personal essay was published (pp. 34-35), along with four pictures of me and Joy. Consider this therefore a post-Valentine treat. Enjoy!*

Isang pag-ibig na nagsimula sa *Friendster*, isang relasyong kinalinga ng makabagong teknolohiya at isang seryosong kasalan sa araw ng lokohan.

Kilala ang Friendster bilang isang paraan ng *networking* sa *Internet*. Dahil may sarili naman akong *website* noon pang 1999, hindi ko pinansin ang pagkahumaling ng mga kaibigan ko rito noong maging popular ang *Friendster*. Pero sa pagtatapos ng 2003, naengganyo ako ng ilang estudyante at kasamahan ko sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) – na kung saan nagtuturo ako ng peryodismo – na magbukas ng *account*. Sa aking palagay, ginusto lang yata nilang huwag akong masyadong seryoso sa aking trabaho at pananaw sa buhay.

Kaya lang, sineryoso ko rin ang pagbubuo ng aking *Friendster account*. Inilagay ko roon ang mga litrato kong hindi nakangiti, pati na rin ang mga kuha ko sa iba't ibang pagkakataong nagsalita ako sa mga pagtitipon, at kahit sa mga kilos-protesta. Bukod sa mga kakilala ko, may magtitiyaga pa kayang magbasa sa aking *account*?

Noong Abril 2004, may nagpadala ng mensahe sa aking *Friendster account* at tinanong niya kung magkakilala ba kami. Una niyang ibinigay ang kanyang pangalan bilang Ligaya, pero napansin kong ang pangalan sa *account* niya ay Judith. Nagkaroon kami ng inisyal na pagpapalitan ng mensahe sa pamamagitan ng *Friendster* at sinabi niyang ang kanyang pangalan ay Judith "Joy" Balean.



Nakilala niya ako sa pamamagitan ng aking *website* (http://www.dannyarao.com) at nalaman kong siya ay nagtapos ng kursong *Fisheries* sa UP Miag-ao (na kung saan mas kilala siya sa palayaw na Ligaya). Dahil siya ay naging tagapangulo ng *student council* ng kolehiyo niya, kakilala rin niya ang mga lider-estudyante sa UP Diliman na kung saan nagtapos ako ng kursong Peryodismo at naging patnugot sa balita ng *Philippine Collegian*. (Ito ang dahilan kung bakit naisip naming malamang na nagkita na kami noon pa, lalo na't siya ay nag-aral din sa UP Diliman sa unang dalawang taon niya sa kolehiyo.) (more…)

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Mar 2, 2007 1:22 AM

Lansangan bilang lunsaran

from Sir Arao by Danny
N.B. - This was published in Vol. 6, No. 8 (Feb. 28-Mar. 6, 2007) of Pinoy Weekly (pp. 5, 15).

Dito sa Pilipinas, ang lansangan ay hindi lang simpleng daanan.

Pinagkukunan ito ng kabuhayan ng mga taong desperadong kumita. Sari-saring bagay ang ibinebenta sa mga motorista't naglalakad sa bangketa – diyaryo, sigarilyo, basahan, laruan, sampagita at kahit birheng dalaga para sa isang hayok sa laman.

Pagsapit ng gabi, ang lansangan ay nagsisilbi ring tirahan para sa mga taong walang matulugan. Ang bangketang dating daanan ng mga tao ay nagiging pansamantalang tahanan ng mga pamilyang ang konsepto ng bubong at dingding ay pinagtagpi-tagping karton at kahoy. (more…)

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Feb 23, 2007 12:17 AM

The joys of feedback

from Sir Arao by Danny
A journalist's nightmare is not getting hate mail for his or her writings but not getting any reaction from audiences.

For me, getting feedback is an immeasurable reward in writing. It doesn't matter if the feedback is positive or negative. The mere fact that a person took time to send his or her comments means that he or she has taken a writer's points seriously.

Allow me at this point to share some of the feedback I got through e-mail for the recent column articles published in *Pinoy Weekly*. To protect their privacy, I will not mention their names.

From a Filipino who is currently in Egypt (Feb. 22), in reaction to the article "Para sa isang magtatapos sa kolehiyo":

> Isang magandang pagbati mula sa bansang Ehipto. Napakaganda ng mensahe na napapaloob sa iyong teskto.
>
> Salamat sa pagpapaabot mo nito, at isang matagumpay na pakikibaka para sa ating mga kababayan na ngayon pa lang nakapagtapos.

From an engineer-cum-webmaster (Feb. 21), also in reaction to the same article:

> Ganda nitong sinulat mo, *timing* sa graduation, at puwedeng i-*forward* sa maraming *egroup*.
>
> Ifo-*forward* ko ito, pero ia-*append* ko ring yung sinulat ni Marx (sa edad na) 17 at yung sinulat ni Nick (Atienza) na tula noong *high school* siya. Tama ang kombinasyon nilang tatlo.

From a historical researcher who used to teach at UP Manila in the late 1980s (Feb. 16), in reaction to the article "La Solidaridad at alternatibong pamamahayag ngayon":

> After reading a posting of "Konteksto" at Rizal forum, I visited your website before deciding to write you by private mail.
>
> Your article is very good, although I must admit I understood only about 90% because of the strange words in Pilipino.

From a Communication Arts student of St. Paul's University in Manila (Feb. 16):

> Sir, I salute you for your accomplishments. Your writings were eye-openers. More power to you!

From a blogger who describes himself as "an expat, student and family man" (Jan. 11):

> I've come across your website while surfing the Internet. I admire you for taking such initiative in fusing the traditional and finding time to maintain a website then a blog! This is my first time to see a UP Professor taking time to use the Internet as medium of education (other professors just refer their students to some Internet sites that they themselves are not familiar with).

I immediately replied to their email messages since I think their taking time to send their comments deserve nothing short of a personal reply. One of them was even motivated to write an article for *Bulatlat Online Magazine* of which I am a member of the Board of Editors.

Please continue sending your comments. I really don't mind if they're positive or negative. Thanks for reading. Cheers!

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Feb 20, 2007 6:22 PM

Para sa isang magtatapos sa kolehiyo

from Sir Arao by Danny
N.B. - This was published in Vol. 6, No. 7 (Feb. 21-27, 2007) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw6-07/op_ed/ed-6_07_3.htm.

Isang buwan na lang at matatapos na ang ikalawang semestre. Malapit ka nang lumaya sa apat na taong "pagkakabilanggo" sa kolehiyo. Haharapin mo na ang hamon ng sinasabi mong "tunay na mundo." Sa tingin mo, handa ka na ba?

Ngayon pa lang, pinag-iisipan mo na kung saan ka magtatrabaho. Simple lang naman ang mga pamantayan mo: Alin bang kompanya ang handang magbigay ng mataas na suweldo? Ano ba ang pinakamalapit sa bahay para makatipid sa pamasahe?

Sa iyong pagbabasa ng *classified ads* sa diyaryo, hindi mo na masyadong iniisip kung kaya mo ba ang trabahong kursunada mo. Sa isang banda, madali namang matutunan ang mga bagay-bagay kaya hindi na bale kung malayo sa tinapos mong kurso ang posisyong aaplayan mo. Alam mong kailangang magkaroon kaagad ng trabaho dahil ikaw na ngayon ang inaasahan ng pamilya mo. Hindi nagpakahirap ang mga magulang mo para ka lang tumambay buong maghapon! (more…)

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Feb 16, 2007 2:19 AM

La Solidaridad at alternatibong pamamahayag ngayon

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 6, No. 6 (Feb. 14-20, 2007) of Pinoy Weekly (pp. 5, 6), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw6-06/op_ed/ed-6_06_3.htm.

Lumabas ang unang isyu ng *La Solidaridad* noong Pebrero 15, 1889 sa Barcelona, Espanya. Sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng Pilipinas, alam nating ang *La Solidaridad* ay nagsilbing boses ng Kilusang Propaganda na pinangunahan nina Jose Rizal, Graciano Lopez-Jaena at Marcelo H. del Pilar.

Regular itong lumabas bawat 15 araw sa loob ng halos pitong taon. Ayon sa isang sanaysay ni Louie Baclagon na may titulong "*La Solidaridad: Paving the Way from Reform to Revolution, 1889-1895*" noong 1998, layunin ng publikasyong (1) iulat ang kalagayan ng mga Pilipino; (2) ipagtanggol ang mga Pilipino sa pang-aatake ng mga prayle sa ibang publikasyon at fora; at (3) maglabas ng mga obhetibong pag-aaral sa Pilipinas at itaguyod ang siyentipikong pag-unlad ng Pilipinas.

Nagsimulang repormista ang *La Solidaridad* dahil nanindigan lang ito para sa Pilipinisasyon ng mga simbahan at aktibong partisipasyon ng mga Pilipino sa pamahalaang Kastila, partikular ang representasyon sa Cortes. Sa katunayan, nanawagan pa itong gawing probinsya ang Pilipinas ng bansang Espanya. Makikita rin ang matinding impluwensiya ng mga liberal na ideya sa pagtataguyod nito ng kalayaan sa pamamahayag. (more…)

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Feb 8, 2007 9:39 PM

Some thoughts on Muslims and Philippine media

from Sir Arao by Danny
In between advising students today (February 9), I decided to delete some email messages (particularly those in the "Sent" folder) to free up space in my email account. I chanced upon my January 13 reply to six questions by a high-ranking official of the Asian Institute of Journalism and Communication (AIJC) who was, at that time, writing a research paper on the portrayal of Muslims in the Philippines. I think it is appropriate that I share my answers before I actually delete the sent message. (more…)

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Feb 8, 2007 8:39 PM

Our love story reaches Japan and other thanks

from Sir Arao by Danny
Silangan, a magazine for Filipinos in Japan, will feature the love story of Joy and I in time for Valentine's Day. I was asked to write an essay in Filipino and provide a high-resolution photograph of the two of us.

If you may recall, we were featured on the front page of *Philippine Star* and in the Weekender section of *BusinessWorld* a few days before Valentine's Day last year. You may go to the Danny & Joy: The Wedding Special website for details.

And since I'm on the issue of media coverage, I take this opportunity to thank *ABS-CBN Interactive* for publishing last February 7 (Wednesday) a news article on my position paper on Senate Bill No. 2477 which seeks to expand the Shield Law to cover broadcast and online journalists. The news article is titled "Bill amending the Shield Law gets boost."

Incidentally, the *Global Filipino Forum* reposted on its blog last January 14 an essay I wrote for the *Philippine Daily Inquirer* (Youngblood) titled "The Politics of Loving." Believe it or not, PDI published this on February 14, 1995 (i.e., when I was still young enough to write for Youngblood). I think "Glenn" who reposted the 1995 article deemed my treatise on "class love" and "sex love" timeless and still relevant.

That’s all for now. Thanks for reading!

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Feb 6, 2007 3:38 AM

Pag-ibig at pagpapakasal

from Sir Arao by Danny
N.B. - This was published in Vol. 6, No. 5 (Feb. 7-13, 2007) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw6-05/op_ed/ed-6_05_3.htm.

Sa buwan ng Pebrero, bago pa man ang komemorasyon ng EDSA 1 noong 1986 at imposisyon ng Proklamasyon 1017 noong 2006, ipinagdiriwang ng mga mamamayan ang Araw ng mga Puso. Para sa mga wagi sa pag-ibig, espesyal ang araw na ito.

Pero alam n’yo bang hindi masyadong marami ang nagpapakasal sa buwan ng Pebrero? Ayon sa National Statistics Office (NSO), sa buwan ng Mayo pinakamaraming nagpakasal noong 2003 at umabot ito sa 2,189 bawat araw. Nasa pangalawang puwesto naman ang Disyembre (2,051 bawat araw), pangatlo ang Enero (2,042), pang-apat ang Hunyo (1,920) at pang-lima lang ang Pebrero (1,806). Malinaw na kahit ang tinatawag na *June bride* ay hindi na masyadong uso sa panahong ito. Bakit kaya?

Mukhang nagiging praktikal na ang mga Pilipino sa panahon ng krisis, at kahit sa pagpili ng buwang magpapakasal ay nakikita na ito. Bukod sa kadalasang buwan ng anihan, ang Mayo ay panahon ng mga pista na kung saan gumagastos nang malaki ang mga tao para makiisa sa mga pagdiriwang. Nakikita ang pangangailangang lubus-lubusin na hindi lang ang pagsasama-sama ng mga mahal sa buhay kundi ang malaking gastusin sa pamamagitan ng pagdaraos ng iba pang seremonya tulad ng pagpapakasal. Hindi ba’t mainam ang desisyong ito para makatipid? (more…)

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Feb 6, 2007 2:38 AM

Position Paper on Senate Bill No. 2477

from Sir Arao by Danny

N.B. - The chief legal and legislative officer of Sen. Ramon Revilla, Jr. (who happens to be the chair of the Senate Committee on Public Information and Mass Media) requested me to write a position paper on Senate Bill No. 2477 which seeks to amend Republic Act No. 53, also known as the Shield Law.
*(**UPDATE**: Quoting from this position paper, ABS-CBN Interactive published a news story last February 7 titled "Bill amending the Shield Law gets boost.")*

COMMENTS ON SUBSTANCE

Senate Bill No. 2477 which seeks to amend Sec. 1 of Republic Act No. 53 (Shield Law) is beneficial to broadcast and online journalists since they will now be protected from unduly revealing the sources of information they used in their reports.

RA No. 53, as amended by RA No. 1477, states that "the publisher, editor, columnist, or duly accredited reporter of a newspaper, magazine or periodical of general circulation cannot be compelled to reveal the source of any information or news report appearing in said publication." The only exception, however, is when "the court or a House or Committee of Congress finds that such revelation is demanded by the security of the State." Clearly, only print journalists are protected from revealing their sources of information.

When RA No. 53 was amended in 1956, then Sen. Vicente Sotto saw the need to change the phrase "interest of the State" to "security of the State" so that certain quarters can be prevented from using nebulous phrases like "interest of the State" to compel journalists to reveal their sources. At that time, journalism was still assumed to be mainly for the print medium given that radio and television journalism were still starting in the Philippines. The Internet, on the other hand, remained a pipe dream then.

At present, journalism has taken on a multi-media character to include not just print but also radio, television and online. It therefore makes sense to amend old laws that still make journalism synonymous with print in order to adjust to the changing times, particularly developments in information and communication technology that affect the practice of the journalism profession.

The teaching of journalism is currently geared towards producing graduates who can straddle different

forms of mass media. As such, laws on mass media like RA No. 53 should therefore consider such multi-media orientation so that journalists can be better protected, and press freedom better promoted and upheld.

Sen. Revilla, the proponent of SB No. 2477, should therefore be commended for his effort to amend RA No. 53 to expand the protection from unduly revealing sources of information to those in broadcast and new media. Other members of the Senate should show their unwavering support for press freedom and the rights and welfare of journalists by voting in favor of this bill.

COMMENTS ON FORM

The proposed amendment to Sec. 1 of RA No. 53 (as amended by RA No. 1477) can still be further improved by simplifying the sentence construction.

From: (based on SB No. 2477)

> Section 1. Without prejudice to his liability under the civil and criminal laws, a duly accredited journalist of any print, broadcast, Internet, or wire service organization, including the publisher, station owner and/or manager, bureau chief, editor, news editor, writer or reporter, correspondent, opinion columnist or commentator, cartoonist, photographer, or other practitioner involved in the writing, editing, commenting of the news for mass circulation cannot be compelled to reveal the source of any news item, news report or information appearing or being reported or dissiminated (*sic*) in said media, which was related in confidence to such journalist or practitioner unless the court or the House of Representatives or the Senate or any of its committees finds that such revelation is demanded by the security of the state.

To:

> Section 1. Without prejudice to liability under civil and criminal laws, a journalist employed by any print, broadcast or new media organization – including but not limited to the publisher, station owner and/or manager, editor, reporter, correspondent, columnist, cartoonist, photographer, art director, layout artist, webmaster and other practitioners involved in the writing, editing, design and layout of news – cannot be compelled to reveal the source of information used in his or her reports disseminated through the said media which was related in confidence to such journalist unless the court or the House of Representatives or the Senate or any of its committees finds that such revelation is demanded by the security of the State.

Reasons for the proposed changes:

1. The phrase “duly accredited” is too broad and could be interpreted as licensing of journalists, a measure that is inimical to press freedom.
2. A wire service organization does not need to be a separate category since it can fall under print,

broadcast or new media, depending on the organization. Reuters, for example, straddles print, broadcast and online journalism.

3. While there is no need to make exhaustive the examples of journalists, there is still a need to include those involved in the design and layout of print and online publications. The phrase "included but not limited to" can provide more flexibility in defining the various roles that a journalist plays in a media organization.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Jan 31, 2007 9:34 PM

Pasanin ng migrante bilang kaligayahan ng gobyerno

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 6, No. 4 (Jan. 31-Feb. 6, 2007) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw6-04/op_ed/ed-6_04_3.htm.

May mga bagong polisiya para sa mga may planong maging katulong sa ibang bansa ang Philippine Overseas Employment Administration (POEA) na sa unang tingin lang maganda.

Sa isang banda, sino ba naman ang tututol sa pagtataas ng minimum na sahod sa $400 bawat buwan mula sa kasalukuyang $200 bawat buwan? Hindi ba't mainam ding pagbawalan ang mga ahensiya na maningil ng *placement fees*?

Para sa administrasyong Macapagal-Arroyo, ang mga dapat mamasukan sa ibang bansa ay hindi lang mga simpleng katulong kundi "*supermaids*." Dahil dito, kailangang sila ay 25 taong gulang bago payagang makapagtrabaho. At higit na importante ang pagkakaroon ng *skills training course* mula sa Technical Education and Skills Development Authority (Tesda) at *language and culture seminar* sa Overseas Workers Welfare Administration (Owwa).

Ang bayarin para sa pagsasanay ay sinabing aabot sa P8,000 hanggang P10,000. Bukod pa rito, kailangan ding magbayad ng karagdagang P1,000 para sa bawat sertipikong ibibigay ng Tesda at Owwa. Pinagbawalan nga ng pamahalaan ang paniningil ng *placement fees*, pero lumalabas na patuloy pa ring magpapaluwal ng pera ang mga gustong makapagtrabaho bilang katulong sa ibang bansa. Ang kaibahan lang, hindi na sila magbabayad sa mga *recruiter*, kundi sa pamahalaan na!

Totoong ang bayarin para sa pagsasanay ay dagdag na pasanin ng isang may planong maging *overseas Filipino worker* (OFW). Bago pa man mangibang-bansa, kailangang magbayad ng POEA Processing Fee (P4,000), Owwa Welfare Fund Contribution (P1,250), Owwa medicare (P900), POEA Overseas Employment Certificate (P100) at pagpoproseso ng pasaporte. Kung ang mangingibang-bansa ay isang *entertainer* o *seafarer*, kailangan niyang magbayad din para sa Artist Record Book o Seaman's Book na nagkakahalaga ng P5,000. At kung pinalad man siyang maging OFW, ang ilan sa mga pangunahing bayarin ay *passport renewal, authentication fee, medical certificate* at *visa fee per extension*.

Umabot sa 1,092,055 ang OFW noong 2006, at tinatayang 300,000 sa mga ito ay mga katulong. Sa ganitong dami ng mga nangibang-bansa, malaki ang nakolekta ng POEA at Owwa. Napabalitang ang POEA ay kumita ng P283.8 milyon noong 2002. Ang Owwa naman ay sinasabing may *combined assets* noong Hunyo 2004 na nagkakahalaga ng P8 bilyon.

Ang ipinapadala naman ng OFW ay tinatayang $14 bilyon noong 2006. Sa konteksto ito dapat suriin ang planong pagtataas ng sahod. Bagama't totoong makikinabang ang pamilya ng OFW sa pagtaas na ito, mas layunin ng pamahalaang pataasin pa ang OFW *remittances* sa mga taong darating. Sa kabila ng pag-amin ng pamahalaang baka magkaroon ng 40 porsiyentong pagbaba sa pagkuha ng mga Pilipinong katulong, ang pinagsamang kita ng mga natitira pang kumikita ng $400 bawat buwan ay hindi hamak na makakapagpataas sa OFW *remittances*.

At sa sitwasyong ang minimum na sahod sa Pilipinas ay nananatiling mababa at ayaw ng pamahalaang itaas ito, hindi ba't mas napipilitan ang mga manggagawang makipagsapalaran na lang sa ibang bansa? Mataas man ang mga bayarin, patuloy silang kakapit sa patalim para tulungan ang mga mahal sa buhay.

Ang kasalukuyang kalakaran ay nagsisilbi sa interes ng pamahalaan dahil patuloy silang kikita hindi lang sa pamamagitan ng mga dolyar na pinapadala ng mga OFW kundi sa mga sinisingil sa kanila ng mga ahensiya ng pamahalaan.

Papalapit na ang Mayo at natatandaan naman natin kung paanong ginamit ang pera ng mga migrante sa nakalipas na eleksiyon noong 2004. Ang pondo para sa Owwa Medicare na nagkahalaga ng P3.4 bilyon ay inilipat sa PhilHealth sa pamamagitan ng Executive Order No. 182 noong Pebrero 2003. At sa isang memorandum ni PhilHealth President at CEO Francisco Duque, sinabing: "*The proposed transfer will have a significant bearing on the 2004 elections. I will be available to explain in greater detail the far-reaching implications of the transfer*."

Hindi tuloy nakakagulat kung ngayon ay ipinagyayabang ng mga nasa kapangyarihan na malakas ang kanilang elektoral na makinarya at kayang-kaya nilang durugin ang oposisyon. Marami kasing pinagkukunan ng pera, at kasama na rito ang mga kawawang migrante na kung saan ang pinag-iinitan

ngayon ay ang mga gustong mamasukang katulong.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Jan 23, 2007 9:39 PM

Pera at buhay sa panahon ng eleksiyon

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 6, No. 3 (Jan. 24-30, 2007) of Pinoy Weekly (pp. 5, 6), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw6-03/op_ed/ed-6_03_3.htm.

Kumakalat ngayon ang pera habang ang buhay ay nawawalan ng halaga. Eleksiyon na nga sa bahaging ito ng mundo.

Hindi pa man opisyal na nagsisimula ang kampanya, nanliligaw na ang mga kakandidato sa mga botante. May isang tatakbong senador sa ilalim ng tiket ng administrasyon na gustong pansamantalang palayain ang dating Pangulong nakakulong sa kaso ng *plunder* na isang krimeng *non-bailable*. Para naman sa isa pang kakandidatong senador sa ilalim naman ng tiket ng oposisyon, bigla niyang binuksan ang pasilidad ng munisipyo na kung saan siya ang kasalukuyang alkalde sa iba't ibang aktibidad ng mga militanteng grupo na dati niyang inaaway.

Malinaw sa dalawang halimbawang ito na gusto ng mga kandidatong pagandahin ang kanilang imahe para makakuha ng mas maraming boto. Ngayong papalapit na ang eleksiyon, iniiwasan na ng mga kakandidatong may mabanggang interes, lalo na kung ang huli ay may hatak sa mga tao.

Hindi na nakakagulat kung sa puntong ito ay may malaki nang halaga ng perang pinapaikot ang mga kampo ng administrasyon at oposisyon. Kailangan naman talaga ng milyon-milyong salapi para makapaglunsad ng isang seryosong politikal na kampanya. Matatandaang si Mar Roxas na nanguna sa

eleksiyon noong 2004 sa pagka-senador ay gumastos ng P94.7 milyon, ayon sa kanyang opisyal na ulat sa Commission on Elections (Comelec).

Pero mapapansing nagpapakalat ngayon ng pera habang may malawakang pagpatay. Ang patayan ay hindi lang nangyayari sa pagitan ng nagtutunggaling kampo ng mga kandidato. Patuloy din ang walang habas na pamamaslang sa mga aktibista, partikular ang mga lider ng partidong Bayan Muna.

Noon lang Enero 19, pinatay sa loob ng klasrum habang nagbibigay ng eksaminasyon si Prop. Jose Ma. Cui ng University of Eastern Philippines (UEP) sa Samar. Bukod sa pagiging *founding member* ng BM-Northern Samar, siya ay tagapangulo ng Northern Samar tsapter ng Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (COURAGE) at ACT Now! na isang *network* na kontra sa korupsiyon sa UEP.

Ayon sa *fact sheet* ng Katungod-Sinirangan Bisaya (SB), si Cui ay pangalawa sa *order of battle* ng militar dahil siya ay inakusahang may mataas na puwesto sa New People's Army (NPA). Noon nga raw Nobyembre 2004 ay nagpamudmod ng *flyer* ang mga sundalo para siraan siya. Sinabi rin ng Katungod-SB na si Cui ay kinasuhan ng libelo ni Col. Manuelito Usi, dating *commanding officer* ng 63rd Infantry Battalion (IB) ng Philippine Army (PA).

Napakalakas ng loob ng dalawang salaring pumatay kay Cui dahil sa mismong harapan ng mga estudyante niya nangyari ang pagpatay. Malinaw ang mensahe ng ganitong klase ng pagpatay: Bilang na ang oras ng mga aktibistang katulad ni Cui at kayang-kaya ng mga nasa kapangyarihang kitlin ang buhay nila. Para sa mga responsable sa pagpatay kay Cui, hindi mahalaga ang buhay ng mga aktibista dahil walang lugar sa administrasyong ito ang pagkontra. Hindi sila nagdadalawang-isip na pumatay ng mga taong iba ang ipinaglalaban. Para sa kanila, sila lang ang tama at ang mga argumento ng mga aktibistang kontra ay hindi dapat malaman ng publiko. Hindi na sapat sa panahong ito ang takutin sila dahil kailangan na silang permanenteng patahimikin.

At ngayong papalapit na ang eleksiyon, inaasahang lalahok ang mga progresibong grupo sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga kandidatong nagtataguyod ng interes ng mahihirap at ng paghamon sa mga kandidatong magbigay ng kanilang posisyon sa mga importanteng isyu ng bayan tulad ng paglabag sa karapatang pantao. Pero sa pamantayan ng mga responsable sa pagpatay sa mga aktibista, kahit ang ganitong oportunidad ay kailangang ipagkait.

Hindi ba't ilang beses nang pinaratangan ang ilang progresibong grupo na mga prente diumano ng mga komunista? Hindi ba't kahit si Justice Secretary Raul Gonzales ay sinabihan ang tinaguriang "Batasan 5" – Reps. Satur Ocampo, Teddy Casiño, Joel Virador, Liza Masa at Rafael Mariano – na mamundok na lang dahil doon naman daw sila nararapat?

Dahil sa pagpatay kay Cui, umabot na sa 820 ang mga aktibistang pinatay mula nang manungkulan si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo noong 2001. Inaasahang lalaki pa ang bilang na ito ngayong panahon ng eleksiyon at gagawin ng mga nasa kapangyarihan ang lahat para mawalan ng boses ang mga progresibong grupo sa Kamara de Representante.

Dahil alam nilang hindi mapapatahimik ang mga aktibista sa pamamagitan ng pera, ginagamit nila ngayon ang bala. Dahil hindi kayang bilhin ang kanilang prinsipyo, ang buhay nila ay winawalang-halaga.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Jan 17, 2007 1:25 AM

Pag-oorganisa sa hanay ng kaguruan ng pamamahayag

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 6, No. 2 (Jan. 17-23, 2007) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw6-02/op_ed/ed-6_02_3.htm.

Sa panahon ngayon, hindi lang responsableng pagtuturo ang kinakailangan mula sa kaguruan ng bansa. Malaking salik din sa hinahangad na pagbabago sa bansa ang pagkakaroon ng matibay na organisasyon para sama-samang tugunan ang mga partikular na pangangailangan ng piniling larangan.

Sa konteksto ng pamamahayag, alam natin ang malaking kakulangan ng midya sa pag-uulat ng pambansang sitwasyon kaya hindi nito epektibong nahuhubog ang kaisipan ng mga mambabasa, manonood at tagapakinig.

Responsibilidad ng isang guro ng pamamahayag na tumulong sa pagtataguyod ng pinakamataas na pamantayan sa paggampan ng tungkulin ng isang mamamahayag. Bagama't mahalaga ang epektibong pagtuturo sa mga estudyante ng mga nararapat at hindi nararapat na gawin sa larangan ng pamamahayag, may mahigpit na pangangailangan pa ring direktang makipag-ugnayan sa sektor ng midya at sa mga tumatangkilik nito.

Mas nagiging matingkad ang pangangailangang ito sa sitwasyong may namamagitang hindi

pagkakaunawaan sa pagitan ng akademya at midya. Para sa akademya, masyadong komersyal at praktikal ang midya. Para sa midya, ang akademya naman ay masyadong ideyal at teoretikal. Hindi tulad ng kalakaran sa ibang bansa tulad ng Thailand, wala tuloy regular na ugnayan sa pagitan ng akademya at midya sa Pilipinas para magkasamang tugunan ang mga isyung kinakaharap ng larangan nila.

Naging okasyon ang First National Conference of Journalism Educators noong Disyembre 10 hanggang 11 sa Sulo Hotel, Diliman, Quezon City para pag-usapan ang mga isyung kinakaharap sa pagtuturo ng pamamahayag at suriin ang kalagayan ng midya. Tinalakay din ang mga nangyayari sa larangan ng pagtuturo ng pamamahayag sa global na antas para mas maiugnay ang kaso ng Pilipinas. At dahil sa multi-midyang katangian ng pamamahayag, nagkaroon din ng pagsusuri sa epektibong pagtuturo ng pamamahayag sa print, radyo, telebisyon at online.

Kailangang malaman ng mambabasa na ako ay tumulong sa pag-oorganisa ng pambansang komperensiyang ito, kasama ang limang miyembro ng Commission on Higher Education (CHED) Technical Committee on Journalism. Bagama't nabuo ko na ang konsepto para dito noon pang 2005 – sa panahong ako pa ang tagapangulo ng Departamento ng Pamamahayag sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman – natagalan ang aktuwal na pag-oorganisa dahil sa pangangailangang makalikom ng pondo, na sa bandang huli ay nakuha ko sa CHED.

Isang malinaw na kasunduan sa nasabing komperensiya ang pagbubuo ng isang pambansang asosasyon ng mga nagtuturo ng pamamahayag. Nagkaisa ang mga dumalong 29 na guro ng pamamahayag mula sa 20 kolehiyo at unibersidad sa Luzon at Visayas na magkaroon ng Association of Journalism Educators of the Philippines (AJEP) na kung saan ang unang kongreso nito ay dapat na mangyari sa lalong madaling panahon.

Puspusan ngayon ang paghahanda para sa unang kongreso ng pambansang asosasyon na masasabing makasaysayan tulad ng katatapos lang na pambansang komperensiya. Hindi pa kasi nagkakaroon nito kahit na nagsimula ang pagtuturo ng mga kurso sa pamamahayag sa Pilipinas, partikular sa UP, noon pang 1919.

Kung ako ang tatanungin, mainam na mangyari ang unang kongreso sa Mindanao. Batay sa mga datos na ibinigay ni Prop. Ramon Tuazon ng Asian Institute of Journalism and Communication (AIJC) sa nakaraang komperensiya, wala pang eskuwelahan o departamento ng pamamahayag sa Mindanao. Malinaw na may politikal na halaga ang pagdaraos ng isang aktibidad roon ng bubuuing pambansang asosasyon, bukod pa sa reyalidad ng 37 kaso ng pagpatay sa mga mamamahayag sa iba't ibang bahagi ng Mindanao tulad ng mga lungsod ng Davao, General Santos at Pagadian.

Sa konteksto ng sitwasyon ng lipunan at midya, kinakailangan talaga ang aktibong paglahok ng iba't ibang sektor ng lipunan para isulong ang makabuluhang pagbabago. Bagama't ang paggampan ng mga partikular na tungkulin ay napakahalaga, hindi pa rin dapat kalimutan ang halaga ng pag-oorganisa.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Jan 11, 2007 1:41 AM

Politika ng Pagtaas ng Sahod

from Sir Arao by Danny
N.B. - This was published in Vol. 6, No. 1 (Jan. 10-16, 2007) of Pinoy Weekly (p. 5).

Paulit-ulit lang ang mga argumento ng mga tutol at pabor sa P125 umento sa minimum na arawang sahod ng mga manggagawa sa pribadong sektor. Bawat panig ay nagpapakita ng mga estadistikang magpapatunay sa kanilang posisyon.

Isa sa mga argumentong paulit-ulit ng mga tutol sa pagtataas ng sahod ay ang posibilidad ng malawakang pagsasara ng mga kompanya. Kailangan lang linawin sa puntong ito na ang halagang hinihingi ng mga manggagawa ay isa nang kompromiso dahil totoo namang magsasara ang mga kompanya kung mas mataas na umento ang hihingin nila.

Maling isiping ang mga manggagawa ay hindi sensitibo sa pagsasara ng mga negosyo dahil sila ay direktang apektado nito. Dahil sa kanilang panlipunang katayuan, kaya ng mga may-ari ng negosyo na makabangong muli, hindi tulad ng mga manggagawa na limitado ang naipundar, kung mayroon man, para patuloy na buhayin ang pamilya kung sila ay mawalan ng trabaho.

Alam ko ang malalimang pag-aaral na ginawa ng iba't ibang organisasyon para suportahan ang panawagan para itaas ang sahod ng mga manggagawa. Dapat malaman ng mga mambabasa na bahagi ng aking trabaho noon sa IBON Foundation, isang *independent research think-tank*, ang gumawa ng mga pag-aaral tungkol dito.

Dahil kailangang maging obhetibo ang mga nasabing pag-aaral, malaking oras ang aking ginugol para suriin ang mga pananaliksik ng mga tutol sa pagtaas ng sahod. Sa likod ng mga estadistika at retorikang sumusuporta sa globalisasyon, napansin kong hindi nila sinuri ang kalagayan ng mga manggagawa.

Pinipilit nilang napakataas na ng sahod ng mga manggagawa rito kumpara sa ibang bansa at hindi na raw papasok ang mga dayuhang negosyante kung lalo pang itataas ito. Ang isa pa nilang argumento ay ang malawakang pagsasara ng mga kompanya dahil hindi na raw sila kikita pa.

Kung susuriin ang datos ng National Wages and Productivity Commission (NWPC) noong Hulyo 2006, lumalabas na ang minimum na sahod sa National Capital Region (NCR) ay mas mataas kumpara sa Bangkok (Thailand), Beijing (China), Jakarta (Indonesia), Cambodia at Vietnam. Pero hindi hamak na mas mataas ang sahod ng mga manggagawa sa Malaysia, Taiwan, South Korea, Singapore, Australia, Japan, at New Zealand. Kung iisipin ang interes ng mga manggagawa, mas importanteng suriin ang sahod sa konteksto ng presyo ng mga produkto at serbisyo sa partikular na bansa. At dito sa Pilipinas, napakalinaw na mababa ang sahod habang patuloy na tumataas ang presyo ng mga pangunahing bilihin.

Tungkol sa malawakang pagsasara ng mga kompanya, lumalabas kahit sa mga pag-aaral ng Department of Labor and Employment (DOLE) na ang pangunahing dahilan ng pagsasara ng mga kompanya sa mga nakaraang taon ay ang mataas na presyo ng mga kagamitan sa produksiyon. Maliit na porsiyento lang ng mga kompanya ang nagsabing hindi na nila kayang magpasuweldo ng mga manggagawa.

Totoo namang apektado ang mga kompanya sa anumang pagtataas ng suweldo dahil maaapektuhan nito ang kanilang kita. Pero sa panahon ng krisis, sino ba ang dapat na magsakripisyo? Ang mga may-ari ng kompanyang nakaluluwag sa buhay o ang mga manggagawang hirap na makaagapay?

Ang panawagan para itaas ng P125 ang minimum na arawang sahod ay nagsimula noon pang 1999. Makalipas ang dalawang taon – matapos manalo ang party-list group na Bayan Muna sa eleksiyon – isinumite sa House of Representatives ang mga panukalang batas na naglalayong itaas ang sahod ng mga manggagawa sa pribado at publikong sektor.

Dahil hindi umabot sa ikatlong pagbasa (*third reading*) ang partikular na panukalang batas para sa P125, kinailangang isumite ulit ito matapos ang eleksiyon noong 2004, sa panahong hindi lang ang Bayan Muna ang nakapasok sa House of Representatives kundi ang AnakPawis at Gabriela Women’s Party.

Hindi tulad ng nangyari noon, mapapansing ipinasa sa pagtatapos ng 2006 ng mga kinatawan ng House of Representatives ang pagtataas ng P125 sa minimum na arawang sahod ng mga manggagawa sa pribadong sektor. Halata namang ginawa ito ng mga lider ng House of Representatives para makabawi sa negatibong publisidad ng pagmamadali nilang baguhin ang Konstitusyon. At siyempre pa, may kinalaman din ito sa nalalapit na eleksiyon sa Mayo 14 (kung sakali mang matuloy ito).

Kung talagang interes ng mga manggagawa ang nasa isip nila, dapat ay noon pang 2001 ipinasa ang mga panukalang batas para itaas ang sahod. Mapapansin ding hindi na umusad ang isa pang panukalang batas na naglalayong itaas ang suweldo ng mga manggagawa sa gobyerno ng P3,000 bawat buwan. Bakit hindi naging pantay ang pag-usad ng mga panukalang batas? Ito ba ay dahil higit na nakararami ang mga manggagawa sa pribadong sektor at magiging mas malaki ang hatak ng boto sa Mayo?

Anuman ang kanilang motibo, mainam ngayong subaybayan ang gagawin ng Senado. Kung ako ang tatanungin, hindi ako masyadong umaasang maipapasa ang batas na ito. Pero hindi ito dapat maging

dahilan para tigilan na ang panawagang itaas ang sahod.

Mainam na gamitin ang pagkakataong ito para hamunin ang mga nasa Kongreso kung kaninong interes ba ang kanilang itinataguyod.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Dec 13, 2006 11:06 PM

Luha ng Pasko

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 48 (Dec. 13-19, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-48/op_ed/ed-5_48_3.htm. ***Pinoy Weekly's next issue will be on January 10, 2007****. I wish you and your loved ones a meaningful Christmas and a liberating New Year!*

Buti na lang at walang namatay sa aming mga kamag-anak sa Lungsod Tabaco, Albay. Pero naging matindi rin ang pagkasira sa mga ari-arian ng mga taga-Tabaco dahil sa malakas na hangin at ulang hatid ng bagyong Reming.

Sa katunayan, nilipad ang bubong ng kuwarto ng aking asawa at nabasag ang mga bintana ng bahay nila. May mga kamag-anak din kaming pinasok ng putik ang bahay at nawalan ng kabuhayan dahil literal na nilipad ng hangin ang mga gamit.

Dahil walang naiulat na namatay sa Tabaco noong kasagsagan ng bagyong Reming, sapat na ba ito para maging maligaya ngayong Pasko? Tatanggapin na lang ba natin itong konsolasyon dahil kaya pa namang makapagsimulang muli ang mga taong naapektuhan?

Habang isinusulat ito, sinabi sa amin ng isang kamag-anak na malakas na naman ang ulan sa Tabaco dahil sa bagyong Seniang. Wala pa ring kuryente sa lugar na iyon at ang mga residente ay kinakapos na ng pagkain. Mahirap pa ring pumunta sa at lumabas ng Tabaco dahil hindi madaanan ng sasakyan ang mga kalsada.

Sapat na ang mga ulat sa midya para masabing naging matindi ang epekto ng mga bagyong Milenyo noong Setyembre at Reming kamakailan sa marami nating kababayan. Maraming ginagawa ang ilang indibidwal at organisasyon para tulungan ang mga nasalanta. Totoo namang ito ang mga pagkakataong kailangang magkaisa ang lahat para tulungan ang mga nangangailangan.

At ang pagkakaisang ito ay nagtutulak sa ating lahat na ipakita ang pakikidalamhati, kung hindi man sa pamamagitan ng aktuwal na pagbibigay ng tulong ay sa pagkakaroon ng isang simpleng selebrasyon ng Pasko kasama ang pamilya. Bagama't nariyan ang kasiyahan, hindi pa rin dapat mawala sa isip ang kalunos-lunos na kalagayan ng mga taong nawalan ng mga mahal sa buhay at patuloy na pinipilit mabuhay kahit na walang katiyakan ang malapit na hinaharap.

Tinaguriang panahon ng ligaya ang Pasko, pero hindi ka masisisi kung may luhang pumapatak sa iyong mga mata sa pag-alala sa mga namatay at sa mga naiwan nilang mahal sa buhay na hanggang ngayon ay hindi pa rin makapaniwala sa nangyaring trahedya. At hindi ka nag-iisa kung hindi mo masyadong nararamdaman ang diwa ng Pasko kahit na may nakasabit nang parol sa iyong bahay at gabi-gabi nang nagka-*caroling* ang mga bata.

Sabi ng isang lumang Pamaskong awitin, "Tayo'y magsikap upang makamtan natin ang kasaganaan." Kaya ba nating sabihin sa mga nasalanta ng bagyo na magsikap lang sila ay makakabangon silang muli? Bagama't dapat purihin ang mga indibidwal at organisasyong nagbibigay ng mga pagkain at iba pang pangangailangan sa mga nasalanta ng bagyo, alam nating mauubos din ang mga ito at hindi naman puwedeng habambuhay silang umasa sa donasyon.

May pangunahing responsibilidad ang gobyerno para tulungan ang mga nasalanta, hindi lamang sa porma ng donasyon kundi sa pagkakaroon ng disenteng pabahay at mapagkukunan ng ikabubuhay. Ang simpleng pagsisikap ay hindi sapat dahil alam naman nating ang mga mamamayan ay hindi nabibigyan ng pantay na oportunidad para umangat sa buhay.

Kung iniisip lang natin ang ating sarili, baka salubungin natin ang Pasko nang parang walang nangyari sa Bikol at sa iba pang lugar na naapektuhan ng mga bagyong Milenyo at Reming. Pero sa kabila ng ating magkakasalungat na paniniwala, masasabi kong karamihan sa atin ay may konsiyensiyang tumulong sa mga nangangailangan. Ganito rin ba ang ating masasabi sa mga kongresistang minamadali ang pagbabago sa Saligang Batas para umabot diumano sa Mayo 2007 ang plebisito? Hindi na bago para sa mga nasa kapangyarihan ang isipin lang ang kanilang sarili. Ang kanilang pagsusulong ng "Cha-Cha" (*charter change*) kahit sa panahon ng trahedya ay nagpapakita lang ng tunay na kulay nila.

Kaya nararapat lamang na ang Pasko ay maging okasyon ng pag-alala sa mga nasalanta ng bagyo, gayundin ang mga ginagawa at hindi ginagawa ng pamahalaan. Ito ay pagkakataon para pag-isipang mabuti ang kahihinatnan ng ating bayan kung magpapatuloy ang panlipunang kaayusan.

Bunga ng luhang pumapatak sa ating mga mata, gawin nating kakaiba ang katangian ng Pasko. Hindi lang dapat ito panahon ng limitadong ligaya, kundi panahon ng paglaya. Sa isang banda, ang luha ay hindi lang para sa mga nagdadalamhati, kundi sa mga nagngingitngit sa galit.

Isang mapagpalayang Pasko sa ating lahat.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Dec 12, 2006 10:06 PM

Just say NO to charter change!

from Sir Arao by Danny

Below is a statement from selected faculty members and students of the University of the Philippines on the attempts of the Macapagal-Arroyo administration to change the 1987 Constitution. If you think our government officials (particularly members of the House of Representatives) have better things to do than tinker with the Constitution, then you should join the mass action on December 17 (Sunday).

NO TO CHA CHA

Statement of the UP Community on the Macapagal-Arroyo Administration's Latest Maneuver to Change the Constitution
December 13, 2006

Let us make no mistake about this. The administration allies in the House of Representatives' latest attempt to change the constitution unilaterally is just another one in the long list of public deceptions and political machinations that the Filipino people have endured since the beginning of Gloria Macapagal-Arroyo's term.

The thick-faced means with which the administration congressmen,led by Jose de Venecia, went about instituting self-serving constitutional changes that will lead to the extension of their terms and the virtual abolition of the Senate are revolting in its brazen disregard for democratic processes. This should come as no surprise as GMA provides the template for the current political opportunism and greed among GMA's officials and congressmen.

The UP community has always stood for truth, justice and decency against the GMA regime's manipulation of democratic processes and imposition of repressive policies to remain in power. The events of the past year have only affirmed what the surveys have time and again shown–that this administration has lost its mandate to govern. The attempt to change the constitution is but another step to maintain its rule and give way to more undemocratic, pro-foreign and anti-people policies.

The continued vigilance of the UP community and the other sectors of society is now even more imperative. This time, the Filipino must not take sitting down the regime's latest political manuever for charter change. Let us join the hundreds of thousands who will be in Rizal Park on December 17, 2006 to register our opposition to this latest outrage.[1]

No to cha cha under Gloria!
Ibasura na si Gloria!

UP Tutol sa Cha Cha
Initial Signatories:

Prof. Bievenido Lumbera, Professor Emeritus
Prof. Maria Serena Diokno, College of Social Sciences and Philosophy
Prof. Ferdinand Llanes, College of Social Sciences and Philosophy
Prof. Consuelo Paz, College of Social Sciences and Philosophy
Prof. Sarah Raymundo, College of Social Sciences and Philosophy
Prof. Melania Abad, College of Arts and Letters
Prof. Edru Abraham, College of Arts and Letters
Prof. Ramon Guillermo, College of Arts and Letter
Prof. Monico Atienza, College of Arts and Letters
Prof. Rommel Rodriguez, College of Arts and Letters
Prof. Grace Concepcion, College of Arts and Letters
Prof. Jose Duke Bagulaya, College of Arts and Letters
Prof. Giovanni Tapang, College of Science
Prof. Teresita de Villa, College of Education
Prof. Roland Tolentino, College of Mass Communication
Prof. Danilo Arao, College of Mass Communication
Prof. Lourdes Portus, College of Mass Communication
Prof. Aleli Quirante, College of Mass Communication
Prof. Victor Paz, Archaeological Studies
Prof. Marvic Leonen, College of Law
Prof. Sylvia Estrada-Claudio, College of Social Work and Community Development
Prof. Angelito G. Manalili, College of Social Work and Community Development
Prof. Emmanuel Luna, College of Social Work and Community Development
Prof. Judy M. Taguiwalo, College of Social Work and Community Development
Mr. Clodualdo Cabrera, National President, All-UP Workers Union
Dr. Leticia Tojos, General Secretary, All-UP Academic Employees Union
Mr. Antonio Tinio, College of Arts and Letters
Ms. Jasmine Ycasiano, College of Arts and Letters
Mr. Raffy Sanchez, Student Regent
Mr. Paolo Alfonso, Chair, UP Diliman Student Council

[1] The UP Contingent to the December 17 Rizal Park Rally will meet at Quezon Hall on December 17 (Sunday), 12 noon.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Dec 6, 2006 1:15 AM

Sa Likod ng Maskara ng Suweldo ng mga `Supermaid'

from Sir Arao by Danny
N.B. - This was published in Vol. 5, No. 47 (Dec. 6-12, 2006) of Pinoy Weekly (pp. 5, 6).

Kung gusto mong maging katulong sa ibang bansa, malamang na kikita ka nang mas malaki kung masusunod ang gusto ng pamahalaan.

Nakikipag-ugnayan ang administrasyong Macapagal-Arroyo sa iba't ibang bansa tulad ng Hong Kong para itaas ang suweldo ng mga kababayan nating katulong sa $400 bawat buwan. Sa ngayon kasi, umaabot lang diumano sa $200 bawat buwan ang karaniwang natatanggap ng isang Pilipinong katulong.

Ayon sa ilang opisyal ng gobyerno, sinisikap nilang kumbinsihin ang iba't ibang *host countries* para patuloy na tumanggap ng mga Pilipinong katulong sa kabila ng kanilang mas mataas na suweldo. Ang kanilang estratehiya ay ipakitang angat ang Pilipinong katulong kumpara sa katulong ng ibang mahihirap na bansa na bagama't mas mura ang suweldo ay kulang naman sa kakayahang makapagsilbi sa amo.

Matatandaang noon pang Agosto 3 idiniin ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang pangangailangang paunlarin ang kakayahan at kaalaman ng mga Pilipinong katulong sa ibang bansa. Sa isang pahayag, sinabi ni Macapagal-Arroyo na ang kailangan ngayon ay hindi mga ordinaryong katulong kundi mga "*supermaid*." Bukod sa tamang paggampan ng mga gawaing bahay tulad ng paglilinis, paglalaba at pagluluto, ang mga gustong maging katulong sa ibang bansa ay bibigyan din ng pagsasanay sa pangunang lunas (*first aid*) at sa mga dapat gawin sa panahon ng kaguluhan tulad ng lindol at giyera.

Ang konsepto ng mga Pilipinong "*supermaid*" ay nabuo sa gitna ng kaguluhan sa Lebanon na nagresulta sa pag-uwi ng *overseas Filipino workers* (OFWs) doon na umabot sa 26,146 kung pagbabatayan ang

datos ng Philippine Association of Mediterranean Agencies Deploying Labours, Inc. (PAMADEL).

Gustong iwasan ng administrayong Macapagal-Arroyo ang malaking pang-ekonomiyang dislokasyong idinulot ng pag-atake ng Israel sa Lebanon. Kahit na sabihing ipinagbabawal ang *deployment* ng mga OFW sa mga magugulong bansa tulad ng Iraq at Lebanon, ayaw pa rin ng pamahalaang kumbinsihin ang mga mamamayang manatili na lang sa Pilipinas at dito na lang gamitin ang kanilang kakayahan at kaalaman.

Patuloy pa rin kasing umaasa ang pamahalaan sa mga dolyar na ipinapadala ng mga OFW sa Pilipinas. Mula Enero hanggang Setyembre 2006, ang OFW *remittances* ay umabot sa $9.11 bilyon na ayon sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ay mataas nang 14.4 porsyento kumpara sa unang siyam na buwan ng nakaraang taon.

At kung pagbabatayan ang panimulang datos ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA) mula Enero hanggang Setyembre 2006, ang OFW *deployment* ay umabot nang 856,866. Ang datos na ito ay nagpapakitang ang tantos ng paglaki ng OFW *deployment* ay mas mataas sa 9.6 porsyento kumpara sa 7.9 porsyento noong nakaraang taon.

Sa madaling salita, mahigit 3,000 Pilipino bawat araw ang umalis ng Pilipinas sa unang siyam na buwan ng taon para makipagsapalaran sa ibang bansa. Ayon sa isang pag-aaral ng BSP, ang OFW *remittances* ay nagbunga diumano ng mas mataas na pamumuhunan, konsumo at pag-empleyo (*employment*) sa Pilipinas.

Tinatayang nasa 9.2 milyon ang mga OFW sa iba't ibang bahagi ng mundo noong 2005, o 10.8 porsyento ng kabuuang populasyon ng Pilipinas na 85 milyon. Ayon sa Department of Social Work and Development (DSWD), nakakaalarma ang paglaki ng *deployment* ng kababaihan. Para sa taong 2005, 72 porsyento ng kabuuang *deployment* ay kababaihan, at karamihan sa kanila ay mga nanay.

Kaya nga sa kabila ng sinasabing mga pang-ekonomiyang benepisyo ng pangingibang bansa ng mga Pilipino, idiniin ng DSWD na apektado ang mga bata sa matagal na pagkawalay sa mga magulang. Hindi lang daw pinansyal na suporta ang kailangan ng mga bata kundi ang kalinga ng kanilang magulang para makatulong sa kanilang sikolohikal na pag-unlad.

Malinaw na may pagkakaiba ang pag-aaral ng BSP at DSWD hinggil sa sitwasyon ng mga OFW. Para sa administrasyong Macapagal-Arroyo, mas mahalaga ang sinasabing pang-ekonomiyang benepisyong dulot ng OFW *deployment* kaya ginagawa nito ang lahat para maengganyong mangibang-bansa ang mga Pilipino, partikular sa puntong ito ang kababaihang gustong kumita ng $400 bawat buwan.

Kung pauunlarin kasi nito ang lokal na ekonomiya para dito na lang magtrabaho ang mga mamamayan, liliiit o baka hindi na tuluyang makakuha ng pinakaaasam na dolyar ang pamahalaan mula sa mga OFW. Tandaan nating kailangan ng pamahalaan ang maraming dolyar para matugunan ang lumolobong dayuhang pagkakautang ($55.3 bilyon noong Mayo 2006), depisito sa kalakal ($276 milyon noong Enero-Marso 2006; $3.69 bilyon noong 2005) at depisito sa badyet (P44.2 bilyon noong Enero-Mayo 2006; P146.8 bilyon noong 2005).

Hindi na nga nakapagtatakang ang panawagan para itaas ang sahod ng mga manggagawa sa ating bansa (P125 sa arawang sahod ng mga manggagawa sa pribadong sektor, P3,000 sa buwanang sahod ng mga empleyado sa gobyerno) ay patuloy na hindi pinakikinggan ng pamahalaan. Mas nasa interes ng pamahalaang itaas ang suweldo ng mga tinaguriang "*supermaid*" sa ibang bansa para makapagpadala ng mas marami pang dolyar sa Pilipinas.

Bakit ka nga naman magtitiyagang maging katulong dito sa Pilipinas kung kikita lang ng mga P2,000 bawat buwan samantalang sa ibang bansa ay kikita ka ng $400 o halos P20,000 bawat buwan? Sa pagkakaroon ng mataas na suweldo ng mga tinaguriang "*supermaid*," darating ang panahong ang magiging pangunahing ambisyon ng mamamayan ay maging katulong na lang sa ibang bansa.

Ang ganitong praktikalidad ng mga mamamayan sa gitna ng krisis ay siyang nagsasalba sa ekonomiya ng Pilipinas na nagkakaroon ng estadistikal na paglago hindi dahil sa pag-unlad ng lokal na ekonomiya kundi dahil sa pagpasok ng dolyar mula sa mga dayuhan at mga OFW.

Bagama't hindi ka masisisi kung mas pipiliin mong mangibang-bansa para magkaroon ng magandang kinabukasan ang iyong pamilya, may malaking pagkukulang ang pamahalaan sa institusyonalisasyon ng sitwasyong ito.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Nov 29, 2006 3:23 AM

Eleksiyon o Plebisito?

from Sir Arao by Danny
N.B. - This was published in Vol. 5, No. 46 (Nov. 29-Dec. 5, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-46/op_ed/ed-5_46_3.htm.

Maraming puwedeng mangyari mula ngayon hanggang Mayo.

May mga politikong naghahanda para sa eleksiyon at may mga naghahanda rin para sa pagbabago ng 1987 Konstitusyon. Alam nating ang una ay para piliin ang mga susunod na kongresista at lokal na lider, ang ikalawa ay para baguhin ang sistema ng gobyerno na magpapanatili sa mga nasa kapangyarihan.

ONLINE
PINOY
WEEKLY
Matapat, Mapanuri, Makabayan
MATAPAT, MAPANURI, MAKABAYAN

Ang tanong ngayon: Magkakaroon ba ng eleksiyon o plebisito? Nauna na ang oposisyon sa paglalahad ng kanilang mga kandidato sa Senado, ang lehislaturang mawawala kung ang gobyerno ay magiging isang parlamento. Dahil itinutulak ang pagbabago sa sistema ng gobyerno ng mga nasa kapangyarihan, ito kaya ang dahilan kung bakit hindi pa alam ng mamamayan ang mga kandidato ng administrasyon sa 12 mababakanteng posisyon sa Senado? Iba kaya ang kanilang pinaghahandaan?

Lumabas kamakailan sa isang sarbey na kung magkakaroon ng eleksiyon para sa Senado ngayon, magwawagi ang karamihan sa mga kandidato ng oposisyon. Tandaan nating sa kainitan ng mga iskandalo at kontrobersiyang kinasangkutan ng mga nasa kapangyarihan, lumabas sa mga nakaraang sarbey na karamihan sa mga mamamayan ay naniniwalang may pandarayang naganap sa eleksyon noong 2004 at naninindigang dapat umalis na sa puwesto si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo.

Kung sakaling magkaroon ng eleksyon at manalo ang karamihan sa mga taga-oposisyon, makokontrol na nila ang Senado at Kamara de Representante (House of Representatives). Sa sitwasyong ito, hindi na malulusutan ni Macapagal-Arroyo ang inaasahang susunod na *impeachment complaint* laban sa kanya. Malamang na lalong mahihirapan ang mga opisyal ni Macapagal-Arroyo na makuha ang kumpirmasyon ng kanilang pagkakatalaga sa puwesto mula sa Commission on Appointments na binubuo ng mga kongresista. Magiging tuloy-tuloy din ang imbestigasyon ng dalawang kapulungan sa iba’t ibang kontrobersiya at iskandalo na lalo pang magdidiin kay Macapagal-Arroyo, pati sa pamilya’t tauhan niya. Bagama’t makakaya pa rin nilang huwag paunlakan ang imbitasyon ng dalawang kapulungan sa pamamagitan ng Executive Order No. 464, magkakaroon ng malawakang pagtingin na sila ay may itinatagong lihim kaya ayaw humarap sa imbestigasyon.

Dahil malinaw na mahihirapang tumagal sa puwesto si Macapagal-Arroyo hanggang 2010, napakahalagang manalo ng administrasyong Macapagal-Arroyo sa darating na eleksiyon sa Mayo 2007. Pero kung pagbabatayan ang mga sarbey noon at ngayon na nagpapakita ng lumalaking pagkadismaya ng mamamayan sa kasalukuyang pamamahala, mukhang mahihirapan silang gawin ito nang walang malawakang pandaraya.

Tandaan nating noong 2004, napilitang iproklama si Macapagal-Arroyo sa Batasang Pambansa nang

madaling araw dahil na rin sa mga kilos-protesta noon. Ang mga sumunod na buwan at taon ay kinakitaan ng napakaraming iskandalo't kontrobersiyang muntik nang nakapagpaalis sa kanya sa puwesto. Tulad ng nangyari sa rehimen ni dating Pangulong Joseph Estrada, ang mga grupong may iba't ibang paniniwala (mula kanan hanggang kaliwa) na dating magkakaaway ay nagkaisa sa hangaring mapatalsik si Macapagal-Arroyo.

Kaya ang anumang bahid ng pandaraya sa eleksiyon ay magdadala lang ng higit na malawakang kilos-protesta ng mamamayan na magbubunga naman ng iba't ibang mga pangyayaring baka tuluyan nang makapagpatalsik kay Macapagal-Arroyo. Ang ganitong pagsusuri ay hindi lingid sa kaalaman ng mga nasa kapangyarihan, kaya nga itinutulak nila ang pagbabago sa Saligang Batas para magkaroon ng isang parlamentong makakapagligtas kay Macapagal-Arroyo at makakapagsilbi sa interes ng iba pang nasa puwesto.

Dahil hindi nagtagumpay ang *people's initiative*, itinutulak ngayon ng mga maka-administrasyong kongresista ang pagbubuo ng isang *constituent assembly* na kung saan ang mga kongresista na mismo ang magpapanukala ng mga pagbabago sa Saligang Batas na isusumite sa isang plebisito.

Kung paniniwalaan ang mga pahayag sa midya ni House Speaker Jose de Venecia kamakailan, lumalabas na suportado na ng mayorya ang planong pagbubuo ng *constituent assembly*. Ito ay isang bagay na hindi na nakakagulat, dahil alam naman nating kontrolado ng administrayon ang Kamara.

Nasa interes ng oposisyon kung magkakaroon ng eleksiyon samantalang nasa interes ng administrasyon ang pagkakaroon ng isang plebisito para sa pagbabago ng Saligang Batas. Pero para sa mamamayan, ito ay hindi lang simpleng pagpili sa dalawa kung ano ang mas mainam. Ang kasaysayan ay makapagpapatunay na walang naging makabuluhang pagbabago sa lipunan bunga ng eleksyon. Ang mga probisyon naman ng Saligang Batas ay binibigyan ng mga interpretasyong nagsisilbi lang sa adyenda ng mga nasa kapangarihan. At alam naman natin kung kaninong interes nagsisilbi ang mga planong pagbabago sa Saligang Batas.

Sa kontekstong ito, huwag nating sisihin ang ilan pa nating kababayan, partikular ang mga nasa kabundukan, kung patuloy na isinusulong nila ang ikatlong opsyong sagot diumano sa malawakang "konsumisyon" at katugma ng salitang "resolusyon."

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Nov 23, 2006 1:17 AM

Kontra-Gahum book now available »

from Sir Arao by Danny



Please buy the book **Kontra-Gahum: Academics Against Political Killings** published by IBON Books (2006) edited by Rolando B. Tolentino and Sarah Raymundo.

My article titled “Tracing the Roots of Killings of Journalists” is included there. It is a revised version of a paper I presented at the Kontra-Gahum: Forum with Academics Against Political Killings last August 10 organized by the Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND).

The book only costs PhP295. For details, please visit the website of IBON Foundation, Inc. You may also call (632) 927-7059 local 312 and look for Gina or Mario.

I went to the well-attended launch of this book today (November 23) at the Bulwagang Recto, University of the Philippines (UP) Faculty Center. I was there at around 3 p.m. (the program started about an hour go), just in time for the recognition of contributors. However, I had to leave immediately due to another pressing appointment. Late to arrive, early to go!

Nevertheless, congratulations to the editors, fellow contributors and the publisher for their hard work. Here’s to more collaboration in the near future and together let us keep the torch of freedom burning!

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Nov 21, 2006 7:51 PM

Pacquiao at ang Tunay na Laban ng Bayan

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 45 (Nov. 22-28, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-45/op_ed/ed-5_45_3.htm.

Pansamantalang nakalimutan ng mamamayan ang mga problema ng bayan nang muling lumaban at manalo si Manny Pacquiao noong Nobyembre 19.

Naging mabilis ang tagumpay nang mapabagsak niya si Erik Morales nang dalawang beses sa ikatlong *round*. Bago natapos ang labang tinawag na "The Grand Finale" dalawang minuto at 57 segundo sa ikatlong *round*, matatandaang bumagsak pero mabilis na nakatayo si Morales sa ikalawang *round*.

Madaling sabihing nabawasan ng lakas si Morales bago pa man ang laban dahil sa kanyang pangangailangang magbawas ng timbang. At sa edad na 30, hindi na siya ang boksingerong nakilala at hinangaan ng maraming tao.

Kahit si Morales ay inaming mas mabilis at mas malakas si Pacquiao. Kung pagbabatayan ang naging panayam sa kanya, mukhang tuloy na ang pagreretiro ni Morales at lumalabas na si Pacquiao talaga ang tumapos sa kanyang makulay na karera sa pagboboksing.

Hindi matatawaran ang paghahandang ginawa ni Pacquiao, partikular ang pagpaparusa sa kanyang katawan bunga ng kanyang matinding treyning. Hindi rin niya ininda ang panghihina ng katawan dahil sa lagnat niya sa mismong araw ng laban.

Ipinakita ni Pacquiao ang mabuting ibubunga ng disiplina at pagpupursigi. Ang kanyang buhay ay nagsisilbi ngayong inspirasyon sa lahat, lalo na sa mahihirap na Pilipinong nagnanais ng mas magandang buhay.

Sa panahon ng ligalig at hikahos, natural lang na ikatuwa ang ilang magagandang balita tulad ng pagkapanalo ni Pacquiao at maging ni Ronnie Alcano kamakailan sa 2006 World Pool Championship. Ang nangyayaring krisis din sa ating bansa ay nagtutulak para tanghaling bayani ang mga taong

nagtatagumpay sa pandaigdigang larangan.

Hindi naman kasi maipagmamalaki ang mga iskandalong kinasasangkutan ng mga nasa pamahalaan. Kaya hindi natin masisisi kung negatibo ang pagtingin sa mga Pilipino dahil sa kagagawan ng mga nasa kapangyarihan.

Sa isang banda, patuloy na nanunungkulan ang isang pangulong inakusahang nandaya sa eleksyon at nagnakaw sa kaban ng bayan. Naibasura ang dalawang *impeachment complaint* laban kay Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo hindi dahil sa kakulangan ng ebidensya kundi sa bulag na pagsuporta ng mga maka-administrasyong kongresista. Lumalaki rin ang insidente ng paglabag sa karapatang pantao sa panunungkulan ni Macapagal-Arroyo.

Para masiguradong hindi maiuulat ang mga katiwalian, ang asawa niyang si Mike Arroyo ay nagsampa ng kasong libelo sa 43 mamamahayag. Ang isa sa kanila, si Mia Gonzales ng *Business Mirror*, ay sinubukang arestuhin sa mismong *press office* ng Malakanyang. Malinaw na ginagamit ng “Unang Ginoo” ang kanyang kapangyarihan para takutin ang mga kritikal na mamamahayag at iba pang mamamayan.

Sa ating paghanga kay Pacquiao at sa iba pang nagtagumpay sa pandaigdigang larangan, tandaan nating ang disiplina at pagpupursigi ay hindi garantiya ng tagumpay para sa lahat ng mamamayan. Walang maaasahang pag-unlad, gaano man kasipag ang isang manggagawa, kung ang kanyang sahod ay nakatakdang mababa sa kabila ng pagtaas ng mga presyo ng bilihin. Ang pagpupursigi ay nababalewala rin kung ang sukatan ng pagkilala ay hindi ang angking galing kundi ang angkang pinanggalingan.

Tunay na hindi para sa lahat ang tagumpay sa kasalukuyang panlipunang kaayusan. Ito ang dahilan kung bakit ang panawagan para sa panlipunang pagbabago ay nanggagaling hindi sa nasa kapangyarihan kundi sa nakararaming patuloy na pinagkakaitan ng karapatang mabuhay nang matiwasay.

Bagama’t walang debateng dapat purihin si Pacquiao sa kanyang tagumpay, ang pagkilos ng mamamayan ay ang tunay na laban ng bayan.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Nov 20, 2006 1:46 AM

Yes, I was on ANC last Thursday

from Sir Arao by Danny
Media in Focus, a television show hosted by Cheche Lazaro on ANC, discussed last November 16 (Thursday), 6 p.m. the controversy surrounding the *Philippine Collegian*. At present, its printing funds are being withheld by the University of the Philippines (UP) administration.

Having served as news editor of the *Philippine Collegian* (SY 1990-1991), I accepted the invitation to be one of the show's panelists.

It's not the first time that I made public my position on the issue since I already issued a press statement last September 18 and wrote about it in my column at *Pinoy Weekly* (October 11-17, 2006).

Thanks to all those who watched the show. No thanks though to someone who said that I should throw away the maroon necktie I wore (just kidding, of course!).

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Nov 14, 2006 10:46 PM

Pagkilala sa Isang Sinibak na Programa

from Sir Arao by Danny
N.B. - This was published in Vol. 5, No. 44 (Nov. 15-21, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-44/op_ed/ed-5_44_3.htm.

May kakaibang katangian ang nakaraang 28th Catholic Mass Media Awards (CMMA) noong Nobyembre 10 (Biyernes) sa RCBC Plaza, Lungsod Makati. Nakasama bilang *finalist* sa dalawang kategorya ang isang programa sa radyong halos siyam na buwan nang wala sa ere.

ONLINE
PINOY
WEEKLY
Matapat, Mapanuri, Makabayan
MATAPAT, MAPANURI, MAKABAYAN

Matatandaang ang programang *Ngayon Na, Bayan!* ay kinansela ng DZRJ noong Pebrero 24, 2006, ilang oras matapos ideklara ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang *state of national emergency* sa pamamagitan ng Proklamasyon 1017.

At noong Marso 13, humarap sa midya si Jaime Fuentes, isang saksi ng Malakanyang para akusahan ang Kodao Productions, Inc., prodyuser ng *Ngayon Na, Bayan!*, bilang propaganda yunit diumano ng Communist Party of the Philippines (CPP). Halata ang kanyang pagsisinungaling dahil sinabi niyang bahagi na siya ng Kodao noon pang 1987, samantalang 2001 lang itinatag ito. Idiniin ng pamunuan ng Kodao na kahit kailan ay hindi naging bahagi si Fuentes ng organisasyon.

Gusto kong linawing ako ay *co-host* ng programang ito tuwing Biyernes mula pa noong Abril 2, 2004. Papunta nga ako sa DZRJ noong Pebrero 24 (na pumatak sa araw ng Biyernes) nang makatanggap ako ng *text message* mula sa Kodao na kami ay wala na sa ere.

Ang pagkilala ng CMMA ay masasabing isang porma ng hustisya para sa nangyaring biglaang pagsibak sa aming programa. Bagama't mas maganda ang manalo sa dalawang kategoryang nominado kami, ang pagiging finalist ay isa nang pagpapatunay na walang batayan ang kanselasyon ng isang programang naninindigan sa responsableng pamamahayag.

Sa nakaraang CMMA, naging *finalist* ang *Ngayon Na, Bayan!* sa kategoryang Best News Commentary dahil sa pagkober nito sa ika-anim na *ministerial conference* ng World Trade Organization (WTO) sa Hong Kong noong Disyembre 2005. Nakasama rin ang aming programa sa kategoryang Best Drama Program para sa komemorasyon at pagsusuri sa 1904 Saint Louis Exposition.

Hindi na bago ang ganitong klaseng pagkilala dahil noon pang 2001 nang magsimula ang aming programa, parati nang *finalist* ang *Ngayon Na, Bayan!* sa CMMA. Ginawaran din ito ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP) noong 2002 ng Golden Dove Award for Best News and Public Affairs Program.

Pero hindi hamak na mas makabuluhan ang ginawang pagkilala ng CMMA ngayon dahil nangyari ito sa kabila ng kanselasyon at akusasyong ito ay propaganda yunit ng CPP.

Sa ngayon, wala pa rin sa ere ang programang *Ngayon Na, Bayan!* Kailan kaya ito mabibigyan ng

pagkakataong makapag-ereng muli ng malalimang pagsusuri sa mga nangyayari sa ating bansa?

Sa malapit na hinaharap, sana nama'y marinig muli ang boses ng mga batayang sektor na parating panauhin ng aming programa, pati na rin ng aming pangunahing host na si Sonia Capio na sinisimulan ang programa mula Lunes hanggang Biyernes sa paglalahad ng mga tanong na ito: "Ano ang ginagawa mo para sa bayan? At kayong mga opisyal ng pamahalaan, alin kayo sa dalawa? Kayo ba ay solusyon, o problema mismo ng sambayanan?"

Natatandaan ko rin ang palitan namin ni Sonia sa pagtatapos ng programa tuwing Biyernes na sa tingin ko'y angkop na angkop pa rin bilang solusyon sa mga problemang kinakaharap ng Pilipinas:

> Danny: Ang ating sama-samang krusada para sa tunay na paglilingkod-bayan ay kailangang ipagpatuloy.
>
> Sonia: Hindi bukas.
>
> Danny: Hindi sa isang linggo.
>
> Sonia: Hindi sa isang buwan.
>
> Danny: Hindi sa isang taon.
>
> Sonia: Kundi…
>
> Sonia at Danny: Ngayon na, bayan!

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Nov 13, 2006 6:46 PM

Journalism Educators' Confab, CHED Consultation Set for December

from Sir Arao by Danny

N.B. - This is a press release for the First National Conference of Journalism Educators, a two-day activity that I requested the Commission on Higher Education (CHED) Technical Committee on Journalism to fund. To maximize the time, the CHED consultation on journalism programs and standards will be held on the third day.

Two major journalism education events will be held this December at the Sulo Hotel in Quezon City.

The first event, with the theme "Journalism Education in the 21st Century," is the First National Conference of Journalism Educators to be held from December 10 to 11, and the second is the Commission on Higher Education (CHED) Consultation on Journalism Programs and Standards to be held on December 12.

Organized by the CHED, the Conference aims to: (1) assess the state of journalism education in the Philippines and examine trends abroad; (2) provide a venue for an exchange of ideas among journalism educators; (3) help bridge the gap between the academe and the mass media by identifying specific areas of cooperation; and, (4) help organize an Association of Journalism Educators in the Philippines – subject to the decision of participants.

The speakers in the Conference are journalism professors Luis Teodoro (State of Mass Media), Ramon Tuazon (History of Journalism Educators), Ben Domingo (Bridging the Gap Between the Media and the Academe), Chay Florentino Hofileña (Teaching Journalism Ethics), Lito Zulueta (Teaching Print Journalism), Melba Estonilo (Teaching Radio Journalism), Luz Rimban (Teaching Television Journalism), and Danilo Arao (Teaching Online Journalism). Isagani Yambot (Philippine Daily Inquirer) and Vincent Lazatin (Transparency and Accountability Network) will give their views on journalism education.

The CHED Consultation scheduled on December 12 aims to present and solicit comments and reactions to the proposed changes in journalism programs and standards which the Technical Committee on Journalism has drafted.

The two activities are being organized by the CHED Technical Committee on Journalism. The CHED will shoulder the registration and food expenses of 50 participants nationwide. Participants will have to take care of their transportation and accommodation expenses at the Sulo Hotel should they decide to stay there for the duration of the two activities.

Other participants to the Conference and the CHED Consultation can be accommodated, provided they pay the requisite P1,500 for their registration and food expenses.

For more information, please contact Romeo Padilla, Project Development Officer III of the CHED, at 631-6981 or e-mail him at rdpadilla@ched.gov.ph.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Nov 8, 2006 2:47 AM

Media casualty of PP 1017 a finalist in the 28th CMMA

from Sir Arao by Danny
We are happy to inform you that our axed radio program “Ngayon Na, Bayan!” (NNB) is a finalist in the “Best News Commentary” and “Best Radio Drama” categories at the 28th Catholic Mass Media Awards (CMMA). The awarding is on November 10 (Friday).

The former is for the coverage of the 6th Ministerial Conference of the World Trade Organization (WTO) in Hong Kong in December 2005 dubbed “NNB goes to Hong Kong.” The latter is for the commemoration and indepth analysis of the 1904 Saint Louis Exposition.

While we’re hoping for a win, I think being a finalist (in two categories at that) is recognition enough that its cancellation last February 24 due to the imposition of Presidential Proclamation 1017 is utterly baseless.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Nov 7, 2006 9:47 PM

Ligaya sa Espesyal Mong Araw

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 43 (Nov. 8-14, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-43/op_ed/ed-5_43_3.htm.

Hayaan mong kausapin kita nang masinsinan sa okasyon ng iyong kaarawan!

Sa panahon ng krisis, maraming isyung dapat suriin. Hindi mauubusan ang isang mamamahayag ng mga paksang kailangang isulat para sa kaalaman ng publiko.

Sa isang banda, maraming tanong na naghahanap ng deretsahang sagot. Ang isang pangyayari ay kailangang malaman kung may kaugnayan sa iba. May kinalaman ba, halimbawa, ang pagkalat ng mga pekeng pera sa nalalapit na eleksyon? Ang away ba ng iba't ibang opisyal ng gobyerno tungkol sa paraan ng pagbabago ng Konstitusyon ay nangangahulugan ng panibagong rigodon sa Gabinete ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo? At nabanggit na rin lang si Macapagal-Arroyo, mapapatalsik kaya siya bago matapos ang kanyang termino sa 2010?

Hindi lang simpleng oo o hindi ang sagot sa mga ito dahil kailangan ng malalim na paliwanag ang mga seryosong bagay. At oras na mapagod ka sa iyong pagninilay-nilay, matutukso kang huminto pansamantala para naman isipin ang mga dahilan kung bakit kailangan mong problemahin hindi lang ang sarili't pamilya kundi ang kapakanan ng buong bayan. Malamang na papasok sa isip mo ang mga bagay o taong nagsisilbing inspirasyon para magpatuloy sa anumang ginagawa mo.

Sa puntong ito, gusto kong ipaalala sa iyong hindi ko kailangan ang "pansamantalang paghinto" dahil parati kang nasa isip ko. Bahagi ka na ng buhay ko mula pa noong magkakilala tayo mahigit dalawang taon na ang nakaraan. Naaalala mo pa ba noong tanungin mo ako kung ikaw ba ang prayoridad ko at sinagot kita ng "Siyempre, hindi!" na ikinagulat mo?

Idiniin kong hindi ka puwedeng maging prayoridad kung ikaw ang dahilan ng pagpapatuloy kong mabuhay nang makabuluhan at hindi kita puwedeng ihiwalay o ihanay sa mga ginagawa ko. Hindi ka lang simpleng inspirasyon na tumutulong na lalo kong pagbutihin ang pagsusulat at pagtuturo. Ang kalagayan natin bilang mag-asawa ay nagtutulak sa ating dalawa para isulong ang ating paniniwalang may pag-asa

pa ang ating bayan kung tutulong tayong baguhin ang ating lipunang puno ng opresyon at eksploytasyon.

Sabihin mo nang “korni” ang ganitong diskurso, pero ganito talaga ang nararamdaman ko, lalo na’t magkasama tayong nagdiwang ng iyong kaarawan ngayong unang linggo ng Nobyembre. Naging magandang okasyon ito para alalahanin hindi lang ang ating makulay na buhay sa kabila ng ating maikli pa lang na pagsasama, kundi ang ating makabuluhang ambag sa mahabang kasaysayan ng pagkilos para sa pagbabago.

Aaminin kong sa simula, may agam-agam akong baka magbago ang aking oryentasyon sa oras na tayo’y mag-asawa. Pero tuluyan nang nawala ito ngayon, salamat sa iyong suporta at pag-intindi sa kabila ng magkaiba nating “mundo” – ang sa iyo ay larangan ng pagbabangko, ang sa akin ay pamamahayag at pagtuturo. Ang aking agam-agam ay napalitan ng mas matindi pang pagnanais na maging epektibo.

Gusto kong isiping may ganito rin akong epekto sa iyong mga ginagawa araw-araw, at ito ang dahilan kung bakit sa pagdating natin sa ating tahanan, masaya tayong nag-uusap tungkol sa mga nagawa natin sa buong maghapon. Sa aking palagay, ang kasiyahang nararamdaman natin sa gitna ng krisis ay magpapatuloy hanggang sa ating pagtanda. Tunay na natagpuan natin ang isang pagsasamang batay sa wagas nating pagmamahal sa isa’t isa at sa bayan.

Pagbati sa iyong kaarawan at makakaasa kang hawak-kamay nating tutuparin ang haraya ng isang magandang bukas.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Oct 24, 2006 10:24 PM

Kontradiksiyon ng Kasalukuyan

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 42 (Oct. 25-31, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-42/op_ed/ed-5_42_3.htm.

Nabubuhay tayo sa isang panahong ang katotohanan ay kabaligtaran ng retorika ng pamahalaan at ang sinasabing kaunlaran ay isang ilusyong pinagtibay lang ng mga mapanlinlang na pananalita.

Para sa mga nasa kapangyarihan, ang reyalidad ay hindi ang nararanasan mismo ng mamamayan kundi ang pinipiling ipakita at iparinig sa kanila. Ang pagsusuri ng mga nasa kapangyarihan ay siyang dapat mangibabaw. Sa kanilang pamantayan, tanging sila ang tama!

Inakusahan ng korupsiyon at sinubukang suspindihin ang isang alkaldeng kilala bilang oposisyonista ng administrasyon ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Pero hindi ba't ang huli ay nahaharap din sa patong-patong na akusasyon hindi lang ng korupsiyon kundi ng malawakang pandaraya at maramihang pagpatay? Kung paniniwalaan ang mga nasa kapangyarihan, hindi dapat lagyan ng anumang bahid ng politika ang aksyon nilang pag-initan ang nasabing alkaldeng pinahihintulutan ang mga kilos-protestang mangyari sa kanyang lungsod.

At lalong hindi dapat pag-usapan ang mga akusasyon laban kay Macapagal-Arroyo dahil dalawang beses nang ibinasura ang *impeachment complaint* sa House of Representatives na karamihan ng mga miyembro ay sumusuporta sa Pangulo. Sa panahon ngayon, mas mahalaga ang numero kaysa laman ng argumento.

Ang kapayapaan para sa pamahalaan ay pananahimik ng mamamayan. At para sa mga patuloy na tumututol, ito ay ginagawang sapilitan at permanente. Ayon sa ilang opisyal, ang mahigit 700 kaso ng politikal na pagpatay ay hindi dapat isisi sa militar kahit na matagal nang pinagbabantaan ng huli ang mga pinatay. Maraming ebidensiyang ibinigay ang mga saksi sa pagpatay at ang mga pamilya ng biktima na nagpapatunay na may kinalaman ang ilang sundalo. Pero ang lahat ng ito ay hindi pinansin ng pamahalaan at pinarangalan pa nga ang isang tinaguriang "berdugo" na nagretiro noong nakaraang buwan bilang huwarang sundalo.

Sa panawagan ng pagbabago sa Saligang Batas, ginagamit ng mga nasa kapangyarihan ang islogan ng mga aktibista para masabing sila ay progresibo samantalang ang mga tumututol ay konserbatibo. Tulad ng mga rebolusyonaryo, isinisigaw ng mga opisyal ng pamahalaan ang pangangailangan para sa makabuluhang pagbabago sa sistema. Nasa interes daw ng mamamayan ang pagkakaroon ng isang parlamento. Oo nga naman. Kung matutuloy ang pagbabago sa gobyerno, malaking sakripisyo para sa mga taong parlamentong mawalan ng takdang termino ng panunungkulan dahil baka habambuhay na silang maging opisyal!

Totoong tayo ay nasa isang panahong puno ng kontradiksiyong hindi gaanong napapansin dahil sa iba't ibang retorikang nagbibigay ng ilusyon ng kaayusan. Sa isang banda, hindi naman maikakailang may

malilinis na lansangan, nagtatayugang mga gusali, naggagandahang mga bahay sa ilang lugar ng Pilipinas. Pero hindi ito repleksiyon ng pangkalahatang pag-unlad, kundi ng makaisang-panig na katangian nito.

Manalig daw tayo sa pamahalaan at patuloy tayong sumunod sa kautusan nito, sabi ng mga nasa kapangyarihan. Ito kaya ang dahilan kung bakit mistulang “diyos” ang kanilang pagtingin sa sarili, ayaw mahusgahan ninuman o mapailalim sa anumang batas?

Talagang napakaraming kontradiksiyon sa ating lipunan. Kaya huwag kang magulat kung ang pagmamahal sa ating bayan ay nasusukat ngayon sa laki ng pagkasuklam sa pamahalaan.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Oct 17, 2006 9:02 PM

May Mahihita ka ba sa Planong Pagtaas ng Suweldo?

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 41 (October 18-25, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-41/op_ed/ed-5_41_3.htm

Sa unang tingin, may magandang balita para sa mga nagtatrabaho sa gobyerno. Naglaan daw ang Department of Budget and Management (DBM) ng P10.3 bilyon sa susunod na taon para sa pagtataas ng suweldo ng mga empleyado ng gobyerno. Sabi ni Budget Secretary Rolando Andaya, Jr., ang mababang suweldo ang dahilan kung bakit nagiging katulong sa Hong Kong ang ilang mga guro ng pampublikong paaralan at nagiging nars ang ilang doktor ng pampublikong ospital.

Oo nga naman. Kailangan talaga ng mga empleyado ng gobyerno ng mas mataas na suweldo. Hindi ba’t

matagal nang panawagan ang P3,000 pagtataas sa buwanang suweldo nilang lahat?

Ang pinakahuling pagbabago sa *salary scale* ng mga empleyado ng gobyerno ay nangyari noong Hulyo 2001. Sa ngayon, ang mga nasa Salary Grade (SG) 1-1 tulad ng mga drayber at *metro aide* ay sumusuweldo lang ng P5,082 bawat buwan. Ang mga guro ng pampublikong paaralan na may ranggong Teacher 1 ay nasa SG 10-1 at sumusuweldo ng P9,939 bawat buwan.

Hindi nalalayo ang suweldo ng mga nagtuturo sa *state universities and colleges* (SUCs). Sa Unibersidad ng Pilipinas (UP), halimbawa, ang isang gurong may ranggong Instructor 1 (SG 14-1) ay kumikita lang ng P12,546 bawat buwan. Ang pinakamataas na ranggo ng guro sa UP ay Professor 12 (SG 29-8) na may suweldong P30,113 bawat buwan. Ayon sa isang pag-aaral, hindi hamak na triple ng mga suweldong nabanggit ang ibinibigay ng ibang pribadong unibersidad at kolehiyo!

Sabi ni Andaya, kailangang pangalagaan ang kapakanan ng mga propesyunal na nagtatrabaho sa gobyerno sa pamamagitan ng pagtataas ng suweldo nila. Wala namang debate sa puntong ito, pero nakakabahala ang posisyon niyang hindi nararapat ang *legislated wage hike* para sa lahat ng mga empleyado ng gobyero. Kung itatakda kasi ang halaga ng itataas sa suweldo nila (halimbawa, P3,000 bawat buwan), magiging maliit daw ang pakinabang ng mga empleyadong mas mataas ang ranggo kung porsyento ang pag-uusapan.

Halimbawa, kung ipapatupad ng Kongreso ang P3,000 pagtataas ng suweldo ng lahat ng empleyado ng gobyerno, ang isang drayber na nasa SG-1 ay tataas ang suweldo nang 59 porsyento. Ang isang gurong may ranggong Professor 12 (SG 29-8) ay tataas ang suweldo nang 10 porsyento lang. Para sa pamahalaan, malaking problema ito dahil mas isinasaalang-alang nila ang kapakanan ng mga mas mataas ang ranggo, gaya ng Pangulo ng Pilipinas na nasa pinakamataas na grado (SG 33) at kumikita sa kasalukuyan ng P57,750 bawat buwan.

Simple lang ang dahilan ng panawagan para sa P3,000 pagtataas ng buwanang suweldo ng mga nagtatrabaho sa gobyerno. Ang dapat na pangunahing makinabang ng anumang pagtataas ng suweldo ay ang mga nasa mababang ranggo dahil napakatagal na nilang nagtitiis na magtrabaho kapalit ng kakarampot na kita.

Sa aking palagay, hindi magiging malaking isyu para sa ilang mga nasa gobyernong medyo mataas ang suweldo kung mas papaboran ang mga kasamahan nilang may mababang kita. Pero para sa mga nasa kapangyarihan na may pinakamataas na suweldo, gusto nilang sila ang mas makinabang sa nakalaang P10.3 bilyon sa susunod na taon.

Kaya sa susunod na may magtatanong sa iyo kung may mahihita ka sa planong pagtataas ng suweldo, alam mo na ang isasagot mo. Asa pang may malaking itataas ang matagal nang napakababa!

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Oct 11, 2006 3:35 AM

Sa Interes ng Estudyante

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 40 (October 11-17, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-40/op_ed/ed-5_40_3.htm

Tapos na ang klase ngayong semestre sa kolehiyo at katulad ng ibang propesor, abala ako ngayon sa pagbibigay ng pinal na eksaminasyon at pagkokompyut ng mga grado. Tulad ng dati, inaasahan kong magpapakita (sa wakas!) ang ilang estudyante kong madalas wala sa klase, pati na rin ang mga hindi nakapagpasa ng mga kinakailangang papel.

Ang isang propesor ay dapat na pag-isipang mabuti kung nararapat nga bang ibagsak ang isang estudyante. Bagama't ito ay simpleng grado lamang sa isang kurso, malaking bagay para sa akin ang isang desisyong makakaapekto sa pagsukat ng isang estudyante sa kanyang pang-akademikong kakayahan.

Ang anumang kapangyarihan ay kailangang gamitin sa mabuting paraan at ang kapakanan ng kapwa, partikular ang pinagsisilbihan, ay parating isinasaisip. Sa konteksto ng eskuwelahan, ang interes ng estudyante ay dapat na itinataguyod hindi lang ng mga guro kundi ng mga opisyal.

Kaya nga ang anumang interpretasyon ng mga patakaran ay kailangang pabor sa estudyante. Hindi sapat na pabayaan lang ng mga opisyal ang mga estudyante sa kanilang aktibidad. Kung totoong may pagtatangi ang isang administrasyon sa pang-akademikong kalayaan, kasama dapat ito sa pagtatanggol sa karapatan ng mga estudyante.

Nakakabahala ang nangyayari ngayon sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman dahil ang pondo sa pag-iimprenta ng *Philippine Collegian*, opisyal na pahayagan ng mga estudyante, ay hindi inilalabas ng

administrasyon. Ginagamit ng huli ang Republic Act (RA) No. 9184 (*Government Procurement Reform Act*) na nagsasabing ang anumang procurement ng yunit ng gobyerno na nagkakahalaga ng P250,000 pataas ay kailangang dumaan sa isang *public bidding*. Kasama raw dito ang pondo sa pag-iimprenta dahil ito raw ay pondo ng gobyerno. Dahil dito, kailangang ang administrasyon ng UP Diliman diumano ang magsagawa ng *public bidding*.

Taliwas ito sa RA 7079 (*Campus Journalism Act of 1991*) na malinaw na nakasaad na ang lupon ng patnugot, hindi ang administrasyon, ang magsasagawa ng *bidding* para sa pagpili ng imprenta.

Ang desisyon ng mga opisyal ng UP Diliman na hindi maging liberal ang interpretasyon sa RA 9184 na pumapabor sa estudyante ay dahil sa diumanong posibilidad na baka makasuhan sila ng korupsiyon. Sa madaling salita, mas nakapangingibabaw ngayon ang takot na makasuhan kaysa pagtataguyod ng interes ng mga estudyante. Kakaiba ang aktitud na ito sa ilang guro at opisyal ng UP noong panahon ng Batas Militar na hindi natakot na ipaglaban ang kapakanan ng mga estudyante kahit kinailangang labagin ang ilang batas ng rehimeng Marcos.

Habang isinusulat ito, wala pa ring isyu ng *Philippine Collegian*. Ang huling isyung inilabas ay noon pang Agosto 24. Dahil dito, maraming usapin tulad ng planong pagtataas ng matrikula ay hindi naipaparating sa mga estudyante. Para sa administrasyon ng UP Diliman, hindi nito responsibilidad ang kasalukuyang sitwasyon dahil sa simplistikong pananaw na matigas lang ang ulo ng mga kasalukuyang patnugot ng publikasyon.

Pero katulad ng pag-iisip ng isang guro kung ibabagsak ba ang isang estudyante, hindi ba't dapat na bigyang solusyon ng administrasyon ng UP Diliman ang kasalukuyang problema nang isinasaisip ang kapakanan ng mga estudyante, lalo na't ito ay usapin ng kalayaan sa pamamahayag sa kampus?

Sa unang tingin, hindi nakakaapekto sa kalayaan sa pamamahayag sa kampus ang nais ng administrasyon ng UP na ito mismo ang magsagawa ng *public bidding* para sa pagpili ng imprenta. Pero bahagi ng kalayaang nabanggit ang awtonomiya sa operasyon ng isang publikasyon. Bilang dating patnugot sa balita ng *Philippine Collegian*, alam kong nababantayan ng administrasyon ang mga gastusin ng publikasyon sa pamamagitan ng pagsusumite ng patnugutan ng badyet at liquidation ng mga inilabas nang pondo.

Sa mga nagdaang taon, masasabing epektibo ang ganitong sistema dahil wala namang naging reklamo ang mga nakaraang administrasyon ng UP Diliman hinggil sa maling paggamit ng pondo. Ang pagkakaroon ng bagong batas (i.e., RA 9184) ay hindi dapat gawing dahilan para sirain ang isang epektibong sistema at supilin ang kalayaan sa pamamahayag sa kampus.

Sa aking pagbibigay ng pinal na eksamen at pagkokompyut ng grado, ang aking pag-aalala ay hindi lang sa mga estudyante kong baka bumagsak, kundi sa kahihinatnan ng kalayaan sa pamamahayag sa kampus kung ang mga opisyal ng iba pang eskuwelahan ay tutularan ang paninindigan ng administrasyon ng UP Diliman.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Oct 4, 2006 3:35 AM

Mga “sonang” pinuntahan ko

from Sir Arao by Danny
Hulaan n’yo kung bakit nakasulat ito sa Filipino!

Umabot sa **11** (!) ang mga lecture at seminar-workshop ko mula Hulyo hanggang Setyembre. Mayroon pa nga akong tatlong tinanggihang imbitasyon dahil bumangga ang mga ito sa iskedyul ng klase ko sa UP.

Bukod sa Maynila, nagpunta ako sa Antipolo, Cavite, Bataan, Pampanga at Batangas para magsalita. Maliban sa Antipolo na mga manggagawang pang-kultura (*cultural workers*) ang nakaharap ko, puro mga estudyante at guro sa elementarya, hayskul at kolehiyo ang binigyan ko ng pag-aaral.

May magagandang kuha si Dong Hwan Kwon, isang Koreanong guro na kumukuha ng PhD sa UP CMC, sa pinakahuling seminar na ibinigay ko sa Lyceum of Batangas.

Tatlong eskuwelahan ang pinuntahan ko sa Southern Tagalog at Central Luzon, ang dalawang rehiyon ng napakaraming kaso ng pulitikal na pamamaslang. Pansinin ninyong iisa lang ang katangian ng mga "sonang" pinuntahan ko.

Sa mga ahente ng militar na nagbabasa nito, mali po ang nasa isip ninyo! Tingnan ninyo ang mga litratong kuha ko, gamit ang Nokia 6070. (Usapang "*techie*": Mas gusto ko ang kalidad ng *integrated VGA camera* nito kaysa sa dati kong Nokia 3220!)

I
Speak
English!

English Speaking
ZONE

Ngayon, alam mo na kung anong mga “sona” ang pinuntahan ko at kung bakit nakasulat ito sa Filipino. Subukin mo naman ngayong intindihin ang isa pang karatulang nakita ko sa isang “*English speaking zone*.”



Nahirapan ka bang intindihin ang mensahe? Pag-isipan mong mabuti. Huwag mong tingnan si Garfield!

Siyanga pala. May isa pa akong sonang pinuntahan sa Bikol noong kaarawan ko.

Ito ang masasabi kong “sona ng kaligayahan.” Hindi totoo ang tsismis na mayroon nang Disneyland sa Tabaco, Albay. Nabili ni Joy ang isang pares ng toreng ito sa halagang **500 piso** lang! Kaya nga abot-tenga ang ngiti ko dahil nakamura kami!

Saang “sona” kaya ako mapapadpad sa mga susunod na buwan? May mga imbitasyon nang magsalita sa iba’t ibang lugar ngayong Oktubre at Nobyembre at mukhang tuloy na tuloy na ang iba sa kanila.

Yun na lang muna. Salamat sa pagbabasa!

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Oct 3, 2006 9:36 PM

Ang `Kabaliwan' ng Pagtuturo

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 39 (October 4-10, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-39/op_ed/ed-5_39_3.htm

Sa okasyon ng Pandaigdigang Araw ng mga Guro (*World Teachers' Day*) ngayong Oktubre 5, mainam na suriin ang mga "kabaliwang" ginagawa para lang epektibong makapagturo. Mahirap maging guro sa isang sitwasyong ang edukasyon ay hindi prayoridad ng pamahalaan. At kung seryoso ang isang tao sa paghuhubog ng kaisipan ng kabataan at iba pang mamamayan, lumalabas na nakamamatay pa ang maging guro sa panahon ngayon.

Bukod sa napakaliit ng suweldo, malaki ang kakulangan sa mga pasilidad sa pampublikong paaralan. Siksikan din ang mga estudyante sa isang klasrum kaya napakahirap magklase, mag-tsek ng napakaraming papel at mag-kompyut ng mga grado.

Lumalabas na kailangan ng "kabaliwan" para manatiling isang guro. Sa isang banda, hindi yayaman ang isang tao kung kukuha ng kursong Edukasyon. Kung maraming pera lang ang habol, mas nakakaengganyong magtapos ng kursong *Nursing*.

Nariyan din ang usapin ng mababang suweldo at kaunting benepisyo. Kung ang mga pulis at sundalo ay binigyan ng administrasyong Arroyo ng umento sa suweldo at dagdag na benepisyo tulad ng pabahay, hindi ganito ang kaso sa mga guro.

Nakapagtatakang hindi nabibigyan ng kaukulang atensyon ang hinaing ng kaguruan kahit ang mga guro sa pampublikong paaralan ay ang pinakamalaking sektor sa burukrasya. Tinatayang may 500,000 guro sa mga pampublikong paaralan at ito ay mahigit 1/3 ng 1.4 milyong empleyado sa gobyerno. Lumalabas na marami pa ring nagpapatuloy sa pagtuturo dahil tinitingnan ito bilang makabuluhang gawain.

Pero hindi maikakailang may mga gurong nagdedesisyong makipagsapalaran na lang sa ibang bansa dahil hindi hamak na mas malaki ang magiging suweldo nila roon. Sa puntong ito, dapat tandaang hindi lang ang pag-alis nila ang pansamantalang nakakabawas sa bilang ng mga nagtuturo. Tulad ng mga aktibista at

mamamahayag, may ilan ding gurong pinapatay ng mga elementong ang tingin sa kanila ay “kaaway ng estado.”

Mula 2001 hanggang Hulyo 2006, umabot sa pitong guro ang permanenteng pinatahimik dahil sa kanilang paninindigan. Naaalala pa ba natin si **Rodriga Apolinar**, 54, isang guro sa San Teodoro, Oriental Mindoro at kasapi ng Gabriela at Bayan Muna na pinatay noong Mayo 20, 2002? O si **Leima Fortu**, 27, guro sa Suqui Elementary School sa Calapan, Oriental Mindoro at tumayong pangkalahatang kalihim ng Karapatan-Mindoro Oriental na pinatay noong Pebrero 13, 2004? Si **Vitoria Samonte**, 51, guro sa Andres Soriano College, Bislig, Surigao del Sur at tagapangulo ng Alliance of Concerned Teachers (ACT)-Bislig ay pinatay noong Setyembre 30, 2005. Matapos ang limang buwan, pinatay naman noong Pebrero 18 si **Joan Lingkawan**, 20, isang *volunteer teacher* sa San Fernando, Bukidnon. Wala pang sampung araw ang nakalipas, si **Napoleon Pornasdoro**, 54, guro sa Quezon National High School at pangkalahatang kalihim ng Southern Tagalog Teachers’ Movement for Development ay pinatay noong Pebrero 27. Ang sumunod na pinatay noong Hunyo 8 ay ang punong guro ng Quezon National High School na si **Gloria Casuga**, 47. Makalipas lang ang mahigit isang buwan, si **Danilo Hagosojos**, 61, isang retiradong guro ng Casiguran, Sorsogon, dating pangulo ng Casuguran Public School Teachers’ Association at opisyal ng Samahan ng mga Ex-Detainees Laban sa Detensyon at Amnestiya (SELDA) ay pinatay noong Hulyo 19.

Sina Samonte at Pornasdoro ay parehong miyembro ng pambansang konseho ng ACT Philippines. (Nais kong linawin sa puntong ito na ako ang kasalukuyang pambansang pangalawang tagapangulo at miyembro din ng pambansang konseho ng organisasyong ito.)

Napakaraming hinagpis ng kaguruan dahil hindi lang ito usapin ng pagtalikod ng pamahalaan sa responsibilidad nitong paunlarin ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Ang mga naninindigan para sa katarungan ng kapwa guro at ng iba pang mamamayan ay pinapatay para hindi tularan ng iba pa. Kung darami nga naman ang magiging kritikal at kikilos para sa pagbabago, hindi magiging paborable ito sa pananatili ng kasalukuyang administrasyon.

Mapapansing ang mga pinatay ay tinitingnan ang edukasyon hindi lang sa apat na sulok ng paaralan, at ang mga estudyante nilang hinuhubog ang isipan ay hindi lang ang mga kabataang nakalista sa kanilang rekord. Sa kanilang malalim na pagsusuri sa nangyayari sa lipunan maiuugat ang kanilang desisyong manindigan para sa pagbabago.

Pinili nilang kumilos sa kabila ng mga problemang kinakaharap bilang guro na resulta ng mababang badyet sa edukasyon at iba pang mga patakarang hindi nagtataguyod sa interes ng mga guro at ng mga batayang sektor ng lipunan.

Maaaring “kabaliwan” ito sa iba, pero isa lang ang aking masasabi sa okasyon ng Pandaigdigang Araw ng mga Guro: Sana’y dumami pa ang mga katulad nila. Mabuhay ang mga “baliw” sa Pilipinas!

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Oct 2, 2006 10:35 PM

The Practice of Online Journalism in the Philippines: Personal Observations

from Sir Arao by Danny

N.B. - This is a paper I delivered at the First CALABARZON Communication Convention held last September 25 at the Lyceum of Batangas, Batangas City. If you want a printer-friendly version, please download the PDF file.

Gone are the days when journalism is synonymous to the print medium. At present, journalism education in the Philippines and abroad highlights the multi-media character of the profession and the need for a journalist to straddle print, broadcast (television and radio) and new media to more effectively reach out to a broader audience.

For journalists, the new media, particularly the Internet, has provided both opportunities and problems. On one hand, it is welcome news to know that information on just about anything has become more readily available. On the other hand, the problem is exactly that: the deluge of information.

Journalists, just like other researchers, are currently facing not a dearth of information but an overload of it. In the course of their data gathering using the Internet, there are two basic challenges that must be overcome: (1) how to filter the information one can use; (2) how to establish the reliability of the information gathered.

There is, of course, another dimension to the use of the new media in the practice of one's profession: How can a journalist maximize the opportunities provided by the new media without being too dependent on them to the point of compromising journalistic principles and standards?

Journalists in print, broadcast and new media face these dilemmas as they gather data for their required outputs. On the surface, online journalists seem to be more dependent on new media, particularly the Internet, as they are expected to provide, say, the necessary hyperlinks to websites so that online users can be directed to their online sources for validation and more information. However, the convenience of having information just a click away, so to speak, prompts journalists – be they print, broadcast or online – to just simply cite the available information that can be retrieved from the Internet.

Without filtering and establishing the reliability of information, it is obvious that journalists do a disservice to the media audiences by either misleading them or bombarding them with information both necessary and unnecessary. We must keep in mind that the basic task of journalism is the shaping of public opinion by giving media audiences information that, in our best judgment, is important.

Unlike in a restaurant where an owner can serve food in abundance and be appreciated for the gesture, journalistic outputs must be kept "short and sweet." In other words, media audiences would not appreciate the overload of both significant and insignificant information since social reality must be explained to them in a manner that is digestible.

The imperative for journalists to be true to their calling becomes all the more important in a maldeveloped society like the Philippines where various interest groups try to win over the hearts and minds of the people and claim to provide solutions to age-old problems. In much the same way there exist cultures of conformity and resistance in a maldeveloped society, there are mainstream and alternative traditions in journalism. The first seeks to protect the status quo while the second seeks to replace it.

In the context of online journalism, the Internet has also become a venue for interest groups to relay their messages, putting up websites and e-groups, among others, to reach out to online users. They all have something in common: They claim to know the truth and they try their best to be as convincing as possible.

Online journalism, in particular, faces the arduous task of helping shape public opinion for people who retrieve information from cyberspace, a venue where there are many distractions and where content is not given much attention. Media audiences, particularly the youth, are more enamored with network gaming

and virtual communities like Friendster. Websites are also often designed in such a way that content gives way to form, as software programs like Flash are maximized not for content management but for the three-dimensional graphics and special effects it can provide.

Problem of a Dime a Dozen Websites and Webmasters

Even if the Web was introduced to Filipinos only in 1995, websites have grown in number mainly as a result of three factors: (1) introduction of what-you-see-is-what-you-get (WYSIWYG) web authoring programs; (2) better and more varied Internet access; and (3) ubiquity of blogging.

In an article I wrote three years ago, I argued:

> "The introduction and subsequent upgrading of (WYSIWYG) web authoring programs like FrontPage, PageMill and Dreamweaver made it much easier for interested people to learn the trade.
>
> "Web authoring skill does not require formal education, only patience and diligence. A 2001 survey by the monthly magazine The Web Philippines showed that 82.3% (or 65 out of 80 web developers surveyed, with one respondent skipping the question) learned their skills through self-study." (Modern Technology and Online Journalism in the Philippines, *Philippine Journalism Review*, August-September 2003)

At present, there are several ways to access the Internet. There are now prepaid cards to access the Internet via dial-up connection, and one can also opt for the more relatively expensive cable, DSL and wireless connections. Those without Internet connection at home could just opt to visit the nearest internet rental shop. In 2001, the National Telecommunications Commission (NTC) claimed that there are 3,000 internet rental shops in the country.

The popularity of web logs or "blogs" has also made it even much easier for online users to come up with posts that are normally packaged as online diaries or journals that can present text, graphics, audio and video files. Through software programs like Wordpress and Movable Type, online users do not need to know hypertext markup language (HTML). They only need to follow the directions in uploading content.

These developments can be seen as empowering for people who want to use the Internet to get their message across to global online users. On the other hand, this situation implies that just about anybody can upload Internet content.

This then has given rise to the billions of web pages that are now available on the Internet and the consequent need to filter information coming from websites. The deluge of information on the Internet is not necessarily welcome news, as online users are exposed not only to false and misleading data, hoaxes and even fluff.

That webmasters have also become a dime a dozen means that the quality of web design is not maintained, as knowing how to operate web authoring programs is greatly different from learning the

principles of design and layout. Form therefore tends to overshadow the content, thus compromising the saying in web design that “Content is King.”

Convergence and Online Publications

Unlike most personal websites, online publications are theoretically more content-based – and, for that matter, more professionally maintained – since their main objective is providing data and analyses. They are also periodically updated to fulfill the online users’ information needs.

An online editor once stressed that online news has “the authority of print with the speed and immediacy of broadcast media.”

Indeed, online journalism uses mainly the printed word to relay messages to online users. Unlike the print medium, however, online publications do not have specific deadlines that must be met since updates can be uploaded anytime. Headline news, for example, can change several times in one day, depending on the fluidity of the situation.

The uploading of files has also become much simpler due to developments in file transfer protocol (FTP) software programs and the inclusion of “Publish Web” commands in the most commonly used WYSIWYG web authoring programs. In fact, the updates are reflected instantaneously, unlike in print and broadcast media where media audiences have to wait until the next issue or episode.

This then makes it easy for online publications to issue corrections to their posts. In an article I wrote in 2003, I noted that this can pose a problem for online journalists who do not adhere to the highest standards of journalism ethics: “(There is a) tendency (for) online writers to provide only sketchy (even unverified details) with the hope that their articles will be updated anyway. Wary of being ‘scooped’ by the competition, overzealous online editors may also end up posting advisories and stories despite their questionable provenance.”

Clearly, such unethical practices are a disservice to online users who expect information that is not only up-to-date but also accurate.

Blogging and Online Journalism

The blogosphere has given rise to what is sometimes referred to as “citizen journalism” where a blogger can assume the role of a journalist by giving his or her views on issues and concerns. It must be stressed that not all blogs can be considered journalistic outputs, in the same way that not all bloggers are journalists.

Even blogs that are exceptional in terms of writing and depth of analysis cannot be automatically classified as journalistic outputs though they can be used as sources of information of journalistic outputs. We need to analyze first if the blogger’s style of writing caters to a broad audience, popularizing issues and concerns with the end-goal of informing.

The topics discussed must also be scrutinized, since journalistic outputs regardless of form (print, broadcast or new media) are essentially social commentaries. While personal experiences can be reported, these must be related to the overall social context so that relevance can be firmly established.

Despite the opportunities offered by the new media, we must keep in mind that journalistic outputs are mainly used to reach out to audiences. It is imperative therefore for a blogger to know the principles and standards of journalism before calling himself or herself a journalist.

Limited Reach

In the Philippines, there still remains a limited reach of the Internet. In 2000, the penetration rate of personal computers (PCs) was at a small 1.5 percent. We can attribute this to the generally high cost of desktop and laptop computers.

The telecommunications infrastructure in the Philippines is also wanting. According to the National Electrification Agency (NEA), only 77 percent of barangays were energized as of December 2000. The NTC, meanwhile, admitted that telephone density was nine telephone lines for every 100 persons in 2000.

In another article I wrote in June 2003, I noted,

> "Online journalism therefore cannot be expected to flourish if people were hampered by astronomical prices related to Internet access and low purchasing power. The poor state of IT infrastructure must also be considered since the Internet cannot be effectively maximized and appreciated by a broad audience.
>
> "At this point, it is very important to break the myth that Filipinos are generally intimidated by new technology and that this is the drawback in online journalism. The issues, after all, are very basic and the problems confronting IT and online journalism in particular are fundamental. In a Third World country like the Philippines, the so-called digital divide should not be defined in terms of the -'techno-probes versus the techno-savvy,' but between the financially capable and the financially challenged." (The Limited Reach of Online Journalism, *Philippine Journalism Review*, June 2003)

For a Filipino journalist, therefore, to be more effective in reaching out to the marginalized sectors of society, he or she cannot rely on online publications given their limited reach. This situation then presents a strong case for journalists straddling the different forms of media to broaden the reach of their outputs.

Mainstream and Alternative Online Journalism

Just like newspapers and magazines, there are mainstream and alternative online publications. Their orientation is mainly determined by the content and interest they espouse.

Online journalists must remember that their analysis matters to the audience and that their work must not only be confined to chronicling data and presenting the different sides of the story. A maldeveloped

society like the Philippines requires a kind of journalism that upholds the tradition of *La Solidaridad* and *Kalayaan* in terms of depth of analysis and clear calls to action.

In the context of online journalism, the intended message can be either in support or critical of the status quo. Given that there are various interest groups in the country that seek the attention of online users, it is not surprising that there are online publications that are either mainstream or alternative in orientation.

The challenge therefore lies for the online users to discern the reliability of the information provided by online publications they visit as they seek analyses that can guide them in making sense of the national situation.

Conclusion

Compared to print and broadcast, online journalism is relatively new since Filipinos were introduced to the Web only in 1995.

There are problems besetting the design and layout of websites as form tends to overshadow the content. This situation can be rooted in the lack or even absence of knowledge in the principles of design and layout. In the same way, blogging has given rise to what is called “citizen journalism,” which must not be taken to mean that all bloggers are now automatically classified as online journalists.

Despite the advances in modern technology, particularly in telecommunications, there is still a need to go back to the fundamentals of journalism and the journalists’ basic task of shaping public opinion by giving the people information that they need.

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Oct 2, 2006 1:47 PM

Limitadong Kaligayahan sa Oras ng ‘Pahinga’

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 38 (September 27-October 3, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-38/op_ed/ed-5_38_4.htm

LUNGSOD NG TABACO, ALBAY – Nagdesisyon kaming mag-asawang dito magpalipas ng aking ika-38 kaarawan, isang espesyal na araw na nagkataong bahagi ng madilim na kasaysayan ng ating bansa. Habang may kilos-protesta sa Maynila at iba pang lugar bilang pag-alala sa imposisyon ng Batas Militar noong Setyembre 21, 1972, hindi na ako nagulat na tila nasa ibang planeta kami ngayon habang isinusulat ko ito.

ONLINE PINOY WEEKLY
Matapat, Mapanuri, Makabayan
MATAPAT, MAPANURI, MAKABAYAN

Sa aking paglibot sa kapitolyo, tila walang pakialam ang mga residente kahit na may malalaking pagkilos nang nangyayari sa ibang bahagi ng Pilipinas. Ganito rin ang eksena noong nagpunta ako rito isang araw matapos ipatupad ni Gloria Macapagal-Arroyo ang Proklamasyon 1017 noong Pebrero. Bagama't alam ng mga residente ang mabibilis na pangyayari, wala silang naging kolektibong pagkilos bilang pagkondena sa mga pag-arestong ginawa at iba pang porma ng pananakot sa mga mamamayan.

Pero hindi na tuluyang hiwalay ang Tabaco sa realidad ng Maynila at iba pang lugar. May ilang indibidwal pa rin ditong sinusubukang imulat ang mga residente sa pamamagitan, halimbawa, ng mga islogang ipinipinta sa mga pader na madalas daanan ng mga tao. Kahit na napinturahan na ng puti ang mga katagang "*Oust GMA!*" na nakasulat sa pula, hindi pa rin ito tuluyang nabura at napapansin pa rin ng mga taong dumaraan doon ang mensahe.

Totoong mahirap takasan ang nangyayari sa bansa at kahit saan ka magpunta, mapapansin mo ang mga direktang resulta ng panlipunang krisis – mga gusgusing batang namamalimos sa bawat paghinto ng bus o dyip na sinasakyan, gutay-gutay na istrukturang tinatawag na bahay ng mga nagsisiksikang pamilya, maruruming kartong panlaban sa lamig ng semento ng mga pulubing ang tanging kaligayahan ay huwag mapaalis sa kanilang pansamantalang tulugan.

Madaling sabihing ang kailangan lang nilang gawin ay magsumikap para gumanda ang buhay. Hindi ba't may kasabihang "Kapag may tiyaga, may nilaga"? Pero ano ang gagawin ng isang tao kung may mga gahamang umaangkin ng lahat ng nilaga, kasama na ang pinaghirapan niyang makuha? Ilang taon din akong nagtrabaho sa mga organisasyong nagsasaliksik sa kalagayan ng mga batayang sektor ng lipunan. Sa panahong iyon, naging pangkaraniwan na sa akin ang mga kaso ng marahas na pag-agaw sa lupain ng mga magsasaka, mababang pasahod sa mga manggagawa, hindi-makatarungang demolisyon sa mga maralitang taga-lungsod at ang walang-respetong pagpasok ng malalaking negosyo ng pagtotroso at pagmimina sa lupaing ninuno ng mga katutubo.

Hindi lang simpleng pagtitiyaga ang susi sa pag-unlad dahil may mga kondisyon ngayon sa lipunang pumipigil sa ganap na pag-angat sa buhay ng nakararaming mahirap. Isang malaking kontradiksyon ang sitwasyong ang iilang "mayroon" ay lalo pang gustong magkaroon habang ang nakararaming "wala" ay tuluyan pang nawawalan. Hindi ito usapin ng masamang ugali ng iilan kundi ng kanilang interes na nais

nilang protektahan.

Tulad ng napakahabang prusisyon na sa simbahan din ang tuloy, ang dinami-daming pananaliksik na ginawa ng mga organisasyong kinabilangan ko ay mistulang iisa lang ang pangunahing kongklusyon: Hindi itinataguyod ng mga nasa kapangyarihan ang interes ng nakararaming “wala” dahil sila ay nabibilang sa mga “mayroon.”

Kaya nga sa okasyon ng aking kaarawan, huwag mo sanang pagtaasan ng kilay ang pag-amin kong limitado lang ang aking kaligayahang nadarama. Totoo namang magandang makapiling ang pamilya ng asawa ko sa Tabaco na taos-puso akong tinanggap bilang bahagi na nila. Sa katunayan, naghanda pa nga sila ng mga paborito kong pagkain para maging masaya ako sa aking espesyal na araw.

Pero hindi pa rin lubos ang aking kaligayahan dahil naging bahagi na ng buhay ko ang pagkilos para sa pagbabago sa pamamagitan ng makabuluhang pagsusulat at pagtuturo. Ang pamamahinga ko sa Tabaco ay hindi nangangahulugan ng pagtakas sa mga problema, kahit pansamantala. Sa katunayan, nagdala pa nga ako ng ilang libro at dokumento para patuloy pa ring makapagsulat, isang bagay na naintindihan naman ng mga kamag-anak ko.

Ang tunay na kaunlaran para sa mga batayang sektor ng lipunan ay mangyayari lamang kung hindi tayo magkikibit-balikat at harapan nating kokomprontahin ang mga problema sa paraang ang pagkilos ay sama-sama. Sa oras na mangyari ito, doon lang marahil ako tunay na makakapagpahinga, mapayapang makakatulog at taos-pusong makakangiti sa aking pagbati sa iyo, aking kaibigan, na ngayon ay malaya na.

Bagama’t alam kong patuloy pa rin ang komemorasyon ng isang madilim na bahagi ng ating kasaysayan sa aking kaarawan, ito ay gaganapin sa konteksto ng pagpapaalala sa mga mamamayan na hindi na dapat maulit ito, hindi tulad ngayon na ang idinidiin ay ang pagkakapareho ng administrasyong Marcos at Macapagal-Arroyo.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Sep 20, 2006 5:09 AM

Batas Militar sa Ibang Pangalan

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 37 (September 20-26, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-37/op_ed/ed-5_37_4.htm

Natapos na diumano ang batas militar sa Pilipinas nang mapatalsik si dating Pangulong Ferdinand Marcos noong 1986. Nasa atin na raw ngayon ang mga batayang kalayaang ipinagkait noon ni Marcos tulad ng kalayaan sa pamamahayag.

Kung sabagay, mula 1986 hanggang sa kasalukuyan, walang ahensiya ng midya na puwersadong ipinasara ng Malakanyang na ginamit bilang batayan ang anumang batas ng mga namumuno. Kung susuriin ang karamihan sa mga iniuulat ngayon sa midya, may espasyo namang ibinibigay sa oposisyon. Hindi tulad noong panahon ng Batas Militar, wala nang pangangailangang aprubahan ng pamahalaan ang anumang ulat na ilalabas ng mga ahensiya ng midya. Wala na raw sensurang nangyayari sa panahon ng diumanong malayang pamamahayag. Pero ganito nga ba talaga ang sitwasyon sa kasalukuyan?

Dapat nating tandaang ang pagpatay sa mga mamamahayag ay isang porma ng sensura dahil hindi lamang nito pinatatahimik ang mga nagbubunyag ng mga bagay na gustong itago ng mga nasa kapangyarihan. Nagbibigay din ito ng mensahe sa iba pang mamamahayag na hindi dapat tularan ang pamamaraan ng pag-uulat ng mga kasamahan nila sa propesyong permanenteng pinatahimik.

Ayon sa datos ng Philippine Movement for Press Freedom (PMPF), may 32 mamamahayag na pinatay mula 1972 hanggang 1986. Kung susuriin naman ang datos ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), ang mga pinatay na mamamahayag mula nang manungkulan bilang pangulo si Gloria Macapagal-Arroyo noong 2001 hanggang Hulyo 2006 ay umabot na sa 46.

Sa usapin ng pagpatay sa mga mamamahayag, malinaw na ang limang-taong panunungkulan ni Macapagal-Arroyo ay nahigitan na ang rekord ng huling 14 na taon ng panunungkulan ni Marcos!

Noong panahon ni Marcos, sinubukang gawing katanggap-tanggap ang batas militar sa pamamagitan ng mga katagang "*constitutional authoritarianism*" at "bagong lipunan" (*new society*). Ang una ay nagdiin

ng legal na batayan ng diktadura, samantalang ang ikalawa ay nagpakita ng pag-asa sa ilalim ng isang bagong kaayusan.

Sa ngayon, ginagamit ang katagang “malakas na republika” (*strong republic*) para ipakita ang katatagan ng kasalukuyang administrasyon at ang abilidad nitong gapiin ang anumang tangkang mapatalsik ang kasalukuyang pangulo. Napansin ang sinasabing katatagan ng administrasyon sa imposisyon ng Proklamasyon 1017 noong Pebrero 24 at sa pagbasura sa *impeachment complaint* na dalawang beses na tinangkang gawin ng oposisyon noong nakaraang taon at ngayon sa House of Representatives.

Pero sa huling pagsusuri, ipinapamukha ng mga nasa kapangyarihan ang kanilang katatagan sa pamamagitan ng walang-habas na pagpatay sa mga mamamayang kritikal sa pamahalaan. Ayon sa grupong Karapatan, umabot na sa 752 ang pinatay mula 2001 hanggang Setyembre 12.

Malinaw ang responsibilidad ng administrasyon sa mataas na insidente ng paglabag sa karapatang pantao hindi lang dahil sa testimonya ng ilang saksi sa mga pulitikal na pagpatay. Sa halip na imbestigahan kasi ang isang naturingang berdugo na nagretiro na noong Setyembre 11 sa serbisyong militar, binigyang-pugay pa siya ng pangulo bilang huwaran.

Bagong lipunan noon, malakas na republika ngayon. Ibang termino ngayon ang ginagamit para maging katanggap-tanggap sa mamamayan ang kasalukuyang mapanupil na kaayusan. Bagama’t hindi direktang pinipigilan ng pamahalaan ang kalayaan sa pamamahayag, may ibang paraan naman ng pagsesensurang isinasagawa, partikular ang pamamaslang at pananakot.

Oo, ang mga batayang kalayaan ay makikita sa Artikulo III (Katipunan ng mga Karapatan) sa kasalukuyang Saligang Batas. Pero para sa mga nasa kapangyarihan, ang isang epektibong paraan ng hindi paggamit ng mga probisyong ito ng mga mamamayan ay ang pamamaslang sa mga sumusubok na ipaglaban ang kanilang karapatan at ang pananakot sa mga nabubuhay pa’t nag-iisip na sumunod sa yapak ng mga naunang pinatay.

Sa ating pag-alala sa desisyon ni Marcos na ipataw ang batas militar noong Setyembre 21, 1972, suriin nating mabuti ang kalagayan noon at ngayon para malaman natin ang ilusyon ng kalayaan at ang katotohanan ng panunupil sa kasalukuyang panahon.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailEdit tags:

- up-people

Sep 18, 2006 11:09 PM

A moment of self-deprecation

from Sir Arao by Danny
The stills are out and the verdict is in: I should smile more often and lose a *few* pounds!

Since there is absolutely no way he will post my pictures on his website, my good friend Engr. Mon Ramirez was kind enough to send me **36** stills of my guest appearance on *Debate with Mare at Pare* (GMA 7) last September 14.

Joy then chose what she considers my "best" shots. That she chose a measly **five** (!) proves that my "market" value (ahem!) is inversely proportional to my "face" value (ouch!).

Bad posture!

That's me with columnist Rina Jimenez-David and publicist Malou Tiquia.
See? I already know how to smile in front of the camera!



Thought balloon: "Say something intelligent and smile while doing so!"

Smiling gets some getting used to.
But after some time under the spotlight, I think my smile has become more “natural.”

In my closing arguments, I am back to old, unsmiling self!

Feel free to visit the Videos section of the *Debate with Mare at Pare* website to view the closing arguments of the six panelists. Please look for the hyperlink "September 14, 2006 - Artists on 2008 elections."

Based on the text messages I got from my friends and colleagues in the academe and media, I think I managed to hold my ground.

> I opened my TV bt i cudnt find it. Antok na ko. Next time, tell meagain of any TV show guesting u r in, i'll watch it. (Sept. 14, 11:47 pm)
>
> Ganda naman ng opening salvo ah. taped i2? (Sept. 15, 12:32 am)
>
> Watching debate now. Talagang inabangan ko khit mappuyat. Ur making preety gud pts. Itayo mo bandla ng mascom. Congrats (Sept. 15, 12:35 am)
>
> Pare, kararating ko rito sa bahay galing sa Baguio. Nasimulan kong panoorin ang Debate… (Sept. 15, 12:48 am)
>
> hi, danny! watching u on debate. vilmanian ka pla. hehehe! (Sept. 15, 12:58 am)
>
> SAW U ON DEBATE. CONGRATS! (Sept. 15, 6:15 am)

I hope you'll forgive me for this moment of self-indulgence and self-deprecation. My birthday, after all, is just two days away!

Add starShareEmailAdd tags

Sep 17, 2006 10:43 PM

UP admin must respect Collegian's autonomy, uphold campus press freedom

from Sir Arao by Danny

N.B. - This is my statement prepared for the press conference of the Philippine Collegian today (September 18), 11 a.m. at the Vinzons Hall in the University of the Philippines (UP) Diliman, Quezon City. ***Update:*** *Thanks to Yehey! News for reposting this with the title "Respect Collegian's autonomy" last October 2.*

It is ironic that the withholding of the *Philippine Collegian*'s printing funds happens as the University of

the Philippines (UP) is preparing for a grand celebration of its centennial in 2008. I am sure that the current UP administration does not want to go down in history as "the one that killed the *Philippine Collegian*."

And as the nation remembers the imposition of Martial Law on September 21, 1972, the concerned UP administration officials should ask themselves what they have done lately in upholding campus press freedom in the University. Just as the Macapagal-Arroyo administration is being taken to task for its failure to bring to justice those responsible for the killing of journalists, the UP administration must also be held accountable for what can be considered a "killing" of a different kind.

While the UP administration stresses the need to follow the law – in this case Republic Act No. 9184 which requires a public bidding for procurement amounting to P250,000 and above – it must seriously rethink its definition of government funds. In the context of campus journalism, the independent management of publication funds is crucial to the fulfillment of the campus journalists' mandate to provide information that the students need.

That the editors and staff of the *Philippine Collegian* decided not to subject to a UP administration-led public bidding its printing does not mean that they are being stubborn and misinformed. It only shows that they know the essence of campus press freedom and the importance of not compromising even aspects of it like the management of its printing funds.

More than a technical question of whether or not publication funds are considered government funds, I think the fundamental issue right now that must be addressed is how far the UP administration is willing to go in protecting campus press freedom.

As a former college administrator, I can understand the pressure of UP administration officials in accounting for public funds to free themselves from any liability. The Commission on Audit (COA), in particular, could be very strict when it comes to documentation of all transactions involving government funds.

At this point, however, a line has to be drawn. The UP administration's classification of publication funds as government funds is a unilateral decision to compromise the *Philippine Collegian*'s autonomy. Instead of insisting on an interpretation of the law that runs contrary to the students' interest, the UP administration should help in creating an atmosphere conducive to the practice of campus journalism.

It can start by releasing the printing funds of the *Philippine Collegian* and then allowing its editors and staff to freely manage the publication funds. As a former news editor of this publication in the 1990s, I know that there are more than enough mechanisms for the UP administration to ensure that the funds will be well-spent by the students, particularly through a detailed liquidation of expenses before the release of the funds for the following issue.

Thank you for your attention.

DANILO ARAÑA ARAO

Assistant Professor of Journalism, UP Diliman
Former News Editor, *Philippine Collegian* (1990-1991)

Add starShareEmailAdd tags

Sep 14, 2006 5:45 AM

Watch Debate with Mare at Pare (GMA 7) tonight!

from Sir Arao by Danny
Please consider yourself warned. **Shameless plug ahead!**

I just finished taping at GMA 7 today (September 14) and I am here now in Cubao, waiting for my wife to arrive. ”Unholy hour” notwithstanding, I hope you will find time to watch *Debate with Mare at Pare* tonight after *Saksi*. Normally, it starts airing a little past midnight.

The topic for this episode is whether or not celebrities are worth our precious vote in the next national and local elections. You may visit the *Debate with Mare at Pare* website for the episode guide. (By the way, the line-up of guests is not updated, and I also told a production staff that I was erroneously identified with an organization I resigned from in 2001.)

On the affirmative side are Rep. Ricky Sandoval, publicist Reli German and actress Nadia Montenegro. On the negative side are publicist Malou Tiquia, columnist Rina Jimenez-David and yours truly.

Expect the debate to be generally civil, since voting for a celebrity really depends on his or her track record of service to the people. Besides, why should we discriminate against professions? Then again, I chose to be on the negative side given the mix of good and not-so-good experience with celebrities turned politicians. More importantly, I said that it would be a big loss for the ailing film and broadcast industries if our better actors choose to become part of a rotten government.

That I tried my best to smile as I stressed very serious points like these is I think worth your while. Feel free to write your comments on this post after watching the show. Cheers!

Add starShareEmailAdd tags

Sep 13, 2006 11:45 PM

Isang Simpleng Regalo Mo sa Aking Kaarawan

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 36 (September 13-19, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-36/op_ed/ed-5_36_2.htm

Madaling tandaan ang aking kaarawan. Eksaktong apat na taong gulang ako nang mapasailalim sa batas militar ang Pilipinas.

Noong nasa elementarya at hayskul pa ako, parating walang pasok sa aking "espesyal na araw" kaya hindi ko naranasan ang sabayang kantang "*Happy Birthday to You!*" ng mga kaeskuwela ko. At noong mapatalsik si dating Pangulong Ferdinand Marcos at tumuntong ako sa kolehiyo, naging tampulan naman ako ng biro dahil madalas ang mga kilos-protesta sa araw na iyon kahit wala nang batas militar. Sabi kasi ng mga aktibista noon, ang deklarasyon lang ang nawala at sina Marcos at Corazon Aquino ay walang pinag-iba.

Sa nalalapit kong kaarawan, hindi ko naman inaasahang personal na batiin mo ako. Hindi pa naman tayo personal na nagkakakilala. Pero hindi na ako magugulat kung malaman kong mayroon din pala akong *dossier* tulad ng iba pa. Alam na alam mo kasi ang mga organisasyong kinabibilangan ko. Inakusahan mo at ng mga kasamahan mo sa militar ang lahat ng mga ito – opo, LAHAT ng mga organisasyong may kinalaman ako! – na kung hindi man bahagi ng kampanyang destabilisasyon ng oposisyon ay aktuwal na prente ng mga komunista.

Masaya dapat ako dahil magreretiro ka na sampung araw bago ang plano naming mag-asawa para sa isang tahimik na selebrasyon. Akala ko kasi, magiging katulad ka ni Romeo Maganto, isang "malupit" na pulis na naghasik ng lagim noong dekada '80. Sa kanyang pag-alis sa serbisyo, tuluyan na siyang nanahimik at tumutok na lang sa kanyang negosyo.

Pero malinaw na wala sa bokabularyo mo ang pananahimik kaya may isang armadong grupong gustong gawin ito para sa iyo. Sa iyong pagreretiro sa serbisyong militar, nabigyan ka ng posisyon sa pamahalaan para tumulong sa kampanyang *counter-insurgency* at, batay sa mga pahayag mo sa midya, gagamitin mo ang pagkakataong ibinigay sa iyo para matupad ang pangarap mong mawala ang mga komunista sa lupaing ito.

At paano mo naman gagawin iyon? Sa pagtuntong mo sa Mindoro, Rizal, Eastern Visayas at Nueva Ecija, iniwan mo sa iyong mga yapak ang dugo ng mga taong pinagbintangan mong bahagi ng rebolusyonaryong kilusan. Ayon sa isang mamamahayag na nakatira sa Nueva Ecija, mistulang batas militar na raw sa lugar na iyon ngayon. Bukod sa pangangailangang magkaroon ng *cedula* ang mga residente, ang mga sundalo raw ay nagsasagawa ng matagalang interogasyon sa mga pinagbibintangang komunista.

Hindi ba't napabalita ang kaso ng dalawang gurong dinukot ng mga tauhan mo at nawala nang ilang araw? Sa isang panayam sa midya, inamin mong ginawa ninyo ito bilang "*preventive measure*" dahil ang mga gurong nabanggit ay naiimpluwensyahan na ng mga komunista at kinailangan ninyo silang "kausapin."

Dahil sinabi mismo ng Pangulo na ikaw ay isang huwarang sundalo, ang mga ganitong estilo ng "interogasyon" ay magpapatuloy pa. Madaramay pa rin ang mga ordinaryong mamamayan sa inyong mga operasyon dahil para sa inyo, ang "kaaway" ay hindi lang mga armadong grupo.

Ayon sa mga progresibong organisasyon, ang mga pulitikal na pagpatay na umabot na sa 747 mula 2001 hanggang Agosto 2006 ay lalo pang darami sa kabila ng iyong pagreretiro sa serbisyong militar.

Simple lang naman ang aking kahilingan sa aking kaarawan. Kahit may mga napabalitang insidente ng pagdukot sa unang bahagi ng Setyembre, sana naman ay tumigil pansamantala ang karahasan kahit sa buwan lang ito, partikular ang mga pulitikal na pagpatay. Alam kong hindi ito solusyon sa mga nangyayaring paglabag sa karapatang pantao dahil ito ay isa lamang personal na pakiusap para sa isang limitadong kaligayahan.

Maaari mo bang pagbigyan ang kahilingang ito? O mas pipiliin mo pa bang ipagpatuloy ang karahasan – anumang araw, buwan o okasyon – para mapatunayang totoo ang ibinansag sa iyo? Hindi ba't ikaw mismo ay nagsabing naging positibo ang pagtawag sa iyo ng "berdugo" dahil mas takot ngayon ang mga tinatawag mong "kaaway?"

Ang sitwasyon ng pagkatakot ay magandang pangyayari para sa iyo. Sa isang banda, ang isang berdugo ay walang sinisino, walang sinasanto.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailAdd tags

Sep 5, 2006 1:43 AM

Hubad na Katotohanan

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 35 (September 6-12, 2006) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-35/op_ed/ed-5_35_4.htm.

Hindi lang simpleng pag-atake sa aktibismo sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) ang ginawa ni Justice Secretary Raul Gonzales noong nakaraang linggo. Ipinapakita kasi sa mga pahayag niya ang konsepto ng pamahalaan sa dalawang bagay – ang oposisyon ng mga tao at ang subsidyo ng gobyerno.

Ani Gonzales, kailangang "tumulong" sa pamahalaan ang mga tao at ginawa niyang halimbawa sina Presidential Chief of Staff Mike Defensor, National Security Adviser Norberto Gonzales at Sen. Francis Pangilinan na nagtapos sa UP. Idinagdag pa niyang isang uri ng "destabilisasyon" ang kasalukuyang aktibismo sa UP dahil gusto nitong pabagsakin ang kasalukuyang pamahalaan. Nagpasaring pa nga siyang tila ang mga taga-UP lang ang may alam kung paano magpatakbo ng gobyerno.

Para sa kanya, ang oposisyon ay hindi nakakatulong sa pag-unlad ng bansa. Sa halip na lumaban, ang tamang aktitud ng mga tao ay suportahan ang mga nasa kapangyarihan. Kaugnay nito, ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay dapat na hinuhubog ang kabataan tungo sa pagiging masunuring mamamayan. Walang lugar para kay Gonzales ang mga kritikal na tao, lalo na't kung umabot na sa puntong nananawagan na sila sa pagpapatalsik sa mga namumuno.

May malaking kaibahan ang pagtuturo sa kabataan para maging masunurin at para maging kritikal. Ang una ay nakatutok sa pangangailangang sumunod sa mga nasa kapangyarihan, ang ikalawa ay may malalim na pagsusuri sa mga nangyayari sa lipunan para magkaroon ng sariling paninindigan.

Marahil ay nakalimutan na ni Gonzales na ang pagiging kritikal ng mga ninuno natin ay nagresulta sa mahigit 200 pag-aalsa mula noong pananakop ng mga Kastila. O baka naman para sa kanya, may malaking kamalian ang mga rebolusyonaryong Pilipino noon at dapat ay sumunod na lang sila sa mga dayuhang nasa kapangyarihan?

Walang masama sa pagiging kritikal at ang panawagan para sa makabuluhang pagbabago ay saklaw ng

ating kalayaang magpahayag. Ang mga pagkilos na ginagawa ng mga estudyante, guro at kawani sa UP at sa ibang unibersidad ay repleksyon lang ng panlipunang krisis na kinakaharap ng bansa. Hindi magiging malawak ang suporta sa mga pagkilos na ito kung ang kasalukuyang pamahalaan ay nagsisilbi talaga sa interes ng nakararami, at epektibo nitong nasasagot ang anumang batikos laban sa mga nasa kapangyarihan.

Noong Agosto 28, nagsagawa ang Alpha Phi Omega (APO) Fraternity ng UP ng isang espesyal na *Oblation Run* – ang pagtakbo nang nakahubad pero nakatakip ang mukha – para ipakita ang simbolikong pagtutol sa mga anti-edukasyong pahayag ni Gonzales. Hawak ng mga tumakbong nakahubad ang ilang plakard na nagsasabing ang mga taga-UP ay nagsisilbi sa mamamayan.

Sa halip na sagutin ang mga pahayag ng mga estudyante ng UP, sinabi lang ni Gonzales na dapat na ilantad ng mga tumakbo ang kanilang mukha para ipakitang hindi sila nahihiya. "*I would have a high regard for them if they remove their masks*," paliwanag niya.

Malinaw na ang nakita lang ni Gonzales ay ang naging porma ng pagtutol, at hindi ang esensya ng pagkilos. Hindi malalim ang kanyang pagsusuri sa naging reaksyon sa kanyang pahayag kaya hindi niya alam ang mensahe sa likod ng mga simbolo. Sa madaling salita, hindi siya naging kritikal.

Ang kanyang kawalan ng kritikal na pag-iisip ang magpapaliwanag kung bakit nasabi rin niyang hindi dapat tinutuligsa ng mga taga-UP ang pamahalaang pinagmumulan ng kanilang pondo. Idinagdag pa nga niyang walang utang na loob ang mga taga-UP. Sa susunod na pagdinig sa badyet para sa edukasyon, sinabi niyang dapat na tanungin ang mga opisyal at kaguruan nito tungkol sa binanggit ni Gonzales na "*high tolerance to education freedom*" ng UP.

Para sa kanya, hindi tungkulin ng pamahalaan ang paglalaan ng pondo para sa edukasyon at dapat na tinatanaw na utang na loob ang anumang ibibigay nito sa mga pampublikong paaralan. Hindi man ito intensyon ni Gonzales, pinapalabas niyang may karapatan ang pamahalaang magbigay ng mababang alokasyon sa edukasyon kahit na malinaw na nakasaad sa Konstitusyon ang mataas na prayoridad para sa sektor na ito sa pambansang badyet. Ang magiging alokasyon sa susunod na pagdinig sa pambansang badyet sa Kongreso, para kay Gonzales, ay depende sa pagiging masunurin ng mga pampublikong paaralan tulad ng UP sa pamahalaan.

Dahil sa mga pahayag ni Gonzales, unti-unting lumalabas ang hubad na katotohanan hinggil sa kasalukuyang pamahalaan. Ayaw nito ng kritikal na pag-iisip dahil ito ay pinagmumulan ng oposisyon. Ang huli ay tinitingnan bilang isang uri ng destabilisasyon na kailangang supilin para maprotektahan ang interes ng mga nasa kapangyarihan.

Hindi ba't sinabi ni Gonzales na hindi siya nagtapos sa UP kundi sa Unibersidad ng Santo Tomas (UST) kaya siya "*well-behaved*"? Bagama't nagbigay ng halimbawa si Gonzales ng mga nagtapos sa UP na dapat tularan ng mamamayan, hindi niya napansing siya ngayon ay nagsisilbing "modelo" ng kung anong klaseng Pilipino ang gusto ng kasalukuyang pamahalaan – isang Pilipinong hindi kritikal, isang bulag na tagapagpahayag ng mga argumentong hindi malinaw o wala talagang lohika.

Add starShareEmailAdd tags

Sep 4, 2006 4:43 AM

Midya, propaganda at kontra-propaganda

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 34 (August 30-September 5, 2006) of Pinoy Weekly (pp. 7, 15). However, it was inadvertently titled "Ang Mabuhay para sa Masa."

Propaganda. Oposisyon lang ba ang gumagawa nito?

Ginamit ni National Security Adviser Norberto Gonzales ang salitang ito sa kanyang paliwanag noong nakaraang linggo kung bakit iniimpluwensyahan ng mga komunista ang ilang mamamahayag. Aniya, pinasok na ng mga komunista ang ilang ahensya ng midya para palakasin ang kampanyang propaganda nito laban sa gobyerno.

Kahit hindi tahasang aminin ni Ma. Consoliza Laguardia, tagapangulo ng Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB), propaganda rin ang tingin niya sa dokumentaryong *Ang Mabuhay para sa Masa* tungkol sa pakikipagsapalaran ni dating Pangulong Joseph Estrada. Matatandaang binigyan ito kamakailan ng *X rating* ng MTRCB.

Sa kanyang liham kay Rey David, pangulo ng Public Perception Management Asia, Inc. na siyang prodyuser ng dokumentaryo, sinabi ni Laguardia na ang ilang eksena sa pagpapatalsik kay Estrada ay baka makapagpababa sa pananalig at kumpiyansa ng mga tao sa gobyerno at sa nakatalagang awtoridad.

Kung babasahin ang bagong MTRCB Implementing Rules and Regulations (IRR) na inaprubahan noong Pebrero 2004 sa panunungkulan ni Laguardia, mapapansing tinanggal na ang probisyong ito na ipinaglaban ng MTRCB noon sa panunungkulan ni Armida Siguion-Reyna: "*A motion picture that has been rated `X' may be exhibited in venues that do not fall under the jurisdiction of the MTRCB as provided by law.*"

Sa sitwasyong wala na ang probisyong ito, lahat ng mga pelikulang may *X rating* ay hindi na maaaring ipalabas sa lahat ng sinehan.

Ang mga pahayag nina Gonzales at Laguardia ay nagpapakita ng pagsupil sa anumang nakikita nilang kontra-propaganda sa midya. Para sa kanila, ang kailangan lang itaguyod ay ang propaganda ng pamahalaan.

Sa bahagi ni Gonzales, madaling sabihing hindi niya naiintindihan ang pangangailangan para sa isang balansyadong pag-uulat sa midya na kung saan kailangang makuha ng isang mamamahayag ang lahat ng panig sa isyung tinatalakay niya. Pero sa huling pagsusuri, ang adyenda ni Gonzales ay gamitin ang midya para sumang-ayon ang mga tao sa anumang sabihin ng mga nasa kapangyarihan. Para sa kanya, ang mga pahayag ng mga lumalaban sa pamahalaan ay dapat na tratuhing hindi mahalaga.

Luma na ang taktikang *red scare*, pero pinili pa rin niyang gamitin ito para lang maging malinaw ang mensahe niya sa mga mamamahayag na ang dapat bigyang halaga ay ang mga pahayag ng gobyerno.

Gayundin ang kaso sa MTRCB. Pansining nang ipinalabas ang mga dokumentaryong Paglaban sa Kataksilan: 1017 at Sabwatan sa Kataksilan noong Marso at Abril, wala silang pagtutol sa ilang eksenang nagpakita ng pampulitikang tensyon tulad ng kaguluhan sa EDSA Shrine noong Pebrero 24 na nagtulak kay Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo na magdeklara ng *state of national emergency*. Ito ba ay dahil ang mga sitwasyong tulad nito ay ipinaliwanag sa paraang nasa tama ang pamahalaan?

Kung sabagay, maaari namang banggitin ng MTRCB bilang batayan ng pananahimik ang makaisang-panig na probisyong ito sa IRR: "*No films, television program or publicity/promotional material for such films and TV programs, unless they are imprinted or exhibited by the Philippine Government and/or its departments and agencies, shall be granted exemption from review and classification for audience suitability*." (Sec. 9) Ang dalawang dokumentaryo ay galing mismo sa Malakanyang at ang ilang opisyal ng gobyerno ay aktibong inengganyo ang midya na ipalabas ang mga ito.

Matatandaang hinayaan din ng MTRCB ang pagpapalabas noong 2005 ng dokumentaryong *Imelda* tungkol sa buhay ni Imelda Romualdez Marcos dahil hindi naman ito masyadong bumabatikos sa pamahalaan. Negatibo pa nga ang naging imahe ni Imelda at ng mga Marcos. Sa madaling salita, hindi ito kontra-propaganda. Hindi ito banta sa kasalukuyang administrasyon.

Ang propaganda ay ang pagpapalaganap ng impormasyon at opinyon para maimpluwensyahan ang mga tao na sumang-ayon o tumutol sa isang doktrina o ideya. Aminin man o hindi ng pamahalaan, ginagawa nila ito kapag sila ay naglalabas ng mga pahayag na ang layunin ay makuha ang suporta ng mamamayan. Tulad ng "*I-am-sorry*" na pahayag ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa kainitan ng isang iskandalo noong Hunyo 2005, pinipiling mabuti ng mga nasa kapangyarihan ang kanilang mga salita para makumbinsi ang nakararami.

Masasabing kontra-propaganda ang pagsagot ng mga nasa oposisyon sa mga opisyal na pahayag. Hindi nakakagulat ang ganitong sitwasyon, lalo na't nakikita ang pangangailangang sagutin ang mga puntong sinasabi ng pamahalaan, partikular ang mga pahayag na batay sa hindi malinaw na datos tulad ng pag-

unlad ng ekonomiya.

Walang masama sa gawaing propaganda, pero hindi dapat umaabot sa puntong ang mga datos ay namamanipula para lang umakma sa ninanais na pagsusuri. Ang huli ay tinatawag na *black propaganda*. Ang gawaing propaganda ay kailangang batay pa rin sa pananaliksik at malalimang pagsusuri.

Sa kasalukuyan, ayaw ng pamahalaan sa kritikal na pagsusuri sa anumang pahayag na inilalabas nito. Tinitingnan kasi bilang isang porma din ng kontra-propaganda ang obhetibong pag-uulat sa midya, batay sa pahayag ni Gonzales. Ang pagbibigay, halimbawa, ng prominenteng espasyo para sa mga kontra sa gobyerno ay tinitingnan ng pamahalaan bilang impluwensya ng mga komunista.

Kung susuriing mabuti, iba talaga ang konsepto ng pamahalaan sa midya. Gusto lang nitong maging instrumento ng propaganda ng pamahalaan ang lahat ng ahensya ng midya at hindi nito dapat bigyang lugar ang kontra-propaganda.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailAdd tags

Aug 31, 2006 10:45 PM

Celebrating LVT's 65th (with pictures!)

from Sir Arao by Danny

I think you know by now that we threw a surprise 65th birthday party for Dean Luis V. Teodoro (LVT) last August 24, 6 p.m. at the Balay Kalinaw in UP Diliman. About 30 people showed up, most of them friends LVT has not seen for a very long time.

National Artist Bienvenido Lumbera read the birthday greetings from Prof. Jose Maria Sison. Others who gave their testimonials for LVT were Dr. Georgina Encanto, Prof. Emeritus Raul Ingles, Prof. Yvonne Chua, Dr. Gemino Abad, Ederic Eder, Leoncio Co and Aida Santos. Pat de Leon, a former student of LVT who is now with GMA 7, gave an intermission number by singing *Blackbird* (Beatles) and *Close to You* (The Carpenters).

You may download the compilation of testimonials titled "What I Remember Most About LVT" and the newsletter *The Interesting Times of Luis V. Teodoro*.

In any case, below are the photographs of our surprise party for LVT.

Silay Lumbera, Shayne Lumbera, Dr. Georgina Encanto and Linda Co

Prof. Raul Ingles

Prof. Yvonne Chua

Dr. Gemino Abad recites three poems for LVT.

Leoncio Co reminisces the time when he was still a freshman and LVT was already a teacher.

Aida Santos recounts how she “lived with” LVT for a long time.

My wife Joy, LVT and Ederic Eder

Pat de Leon sings for LVT.

Dr. Bien Lumbera presents a gift for LVT.

LVT gives his response.

Add starShareEmailAdd tags

Aug 24, 2006 2:01 AM

Birthday greetings and a tongue-in-cheek sorry

from Sir Arao by Danny

Note: If your initials are LVT and you look like the one on the picture, read on. By the time you read this, it may be too late already.

Happy 65th birthday and sorry!

Consider this my public apology for lying to you a few minutes ago when you called to confirm that we will only have a quiet dinner today (August 24) with my wife Joy and another senior faculty member. In our telephone conversation, I also said that I am not aware of any plans to hold yet another surprise party for you today.

As in our past celebrations, you deserve to be recognized for what you have achieved so far. Just like your closest friends, I will always find time to make you realize what you have accomplished (and, of course, to make you happy on your birthday), my very hectic schedule notwithstanding.

The testimonials written by your colleagues and students, both current and former, show how much you have touched their lives. To paraphrase an old saying, words fail to capture your vast influence not only on the practice of Journalism but also on the mindset of those who were lucky to be your students. That includes me. (Remember your J 103 class in the late 1980s?)

In any case, I tried to write a testimonial for you, starting with your being my professor in the late 1980s and ending with you being a colleague, friend and - to quote my wife - “a father I never had.” In the middle of my testimonial, I was supposed to give you credit for hiring me as a lecturer in 1995 when you were the dean of UP CMC and for giving me sound advice these past few years whenever I had problems.

Then again, I did not have the time to write as I had to help in preparing for the surprise party which will happen a few hours from now. As always, we did not have much funds to go by, but your friends, particularly the “financially endowed” ones, were kind enough to pitch in.

I sincerely hope you take time to read the compilation of testimonials titled What I Remember Most About LVT and the newsletter *The Interesting Times of Luis V. Teodoro*. Consider these not just as birthday presents from your closest friends but as testaments to what you are not only as a journalist and nationalist, but as a person.

Add starShareEmailAdd tags

Aug 24, 2006 2:01 AM

Pagbasag sa nakabibinging katahimikan

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 33 (August 23-29, 2006) of Pinoy Weekly (p. 7), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-33/op_ed/ed-5_33_4.htm

LUNGSOD NG TABACO, ALBAY – Masasabing “paraiso” ang lugar na ito para sa mga manunulat. Kahit sabihing siyudad ito, ibang iba ito sa Maynila. Parating presko ang pakiramdam dahil walang polusyon. Malinis pa ang paligid at higit sa lahat, mura ang bilihin.

Kahit sabihing ilang beses nang nagbanta ng malakas na pagsabog ang Bulkang Mayon na makikita sa timog na bahagi nito, napakalayo naman ng Tabaco para direktang maapektuhan ang mga naninirahan dito. Para sa ilang residente, normal ang buhay dito at hindi sila apektado ng kaguluhang nangyayari sa ibang bahagi ng Pilipinas.

Kung pagbabatayan ang *census* noong 2000, umaabot lang ang populasyon ng Tabaco sa 107,116 na napakababa para sa lawak ng lungsod na 117.14 kilometro kuwadrado. Kaya mapapansing hindi nagsisiksikan ang mga tao para makasakay o makabili. Walang masyadong nagmamadali para makapasok sa trabaho o makauwi sa bahay dahil walang trapikong nagiging sanhi ng init ng ulo sa Kamaynilaan.

Sa pangkalahatan, magiliw ang mga residente rito, at hindi problema kung hindi ka marunong ng Bikolano dahil lahat naman ay nakakaintindi ng Tagalog.

“Digdi na kamo (Dito na kayo),” sabi sa aming mag-asawa noong bago pa kaming kasal at pinag-iisipan pa namin kung saan ba kami bubuo ng pamilya. Dahil dito ipinanganak at lumaki ang asawa ko, naging malaking agam-agam sa akin kung iiwan ko ba ang buhay sa Maynila para makipagsapalaran sa “paraisong” ito. At ngayong narito ako ng ilang araw, pumapasok na naman sa isipan ko kung tama ba

ang desisyon naming sa Maynila na kami manirahan.

Aaminin ko, mas mabilis akong magsulat kung tahimik ang lugar kaya gustong-gusto ko rito. Pero sa kabilang banda, alam kong para may maisulat nang makabuluhan, kailangan kong malaman ang mga bumabasag sa katahimikan.

Para epektibong masuri ang mga nangyayari sa pambansang saklaw, hindi sapat ang simpleng pagkalap lang ng impormasyon sa diyaryo, telebisyon, radyo at Internet. Kailangan makipag-ugnayan sa mismong mga tao o organisasyon para malaman mismo sa kanila ang konteksto ng mga pangyayari. Dahil karamihan ng mga sinusulat ko ay may direktang kaugnayan sa reyalidad sa Maynila, kailangang naroon ako para mas maging makabuluhan ang mga sinusulat ko.

At sa malalimang pagsusuri sa pamamagitan ng direktang pakikipag-ugnayan, mas nakikita ko ang ilusyon ng kapayapaan hindi lang sa Maynila kundi sa buong bansa. Kasama na rito ang Tabaco na sa unang tingin ay isang “paraiso.”

Kumpara sa una kong pagbisita sa “paraisong” ito noong Hunyo 2004, napapansin kong unti-unti nang nababasag ang katahimikan sa lugar na ito. Kung noon ay wala akong nakitang pampulitikal na poster na nanawagan sa mga taong maging kritikal sa nangyayari sa ating lipunan, napapansin kong may mga nagdidikit na ng mga poster na nanawagan sa pagpapatalsik ng Pangulo, pati na rin ang pagtataas ng sahod ng mga manggagawa.

Kahit na sabihing tinatanggal pa rin ang mga ito ng mga taong ayaw iparating ang mensahe ng pagtutol, hindi maikakailang may mga nagnanais na sa Tabaco na imulat ang mga residente sa ilusyon ng kapayapaan sa lugar nila.

Pero ang nakabibinging pagbasag sa katahimikan sa Tabaco ay nangyari noong Marso 29 nang patayin si Sotero Llamas, dating lider ng Communist Party of the Philippines (CPP) pero umalis sa rebolusyonaryong kilusan para maging isang simpleng negosyante na lang, sa Barangay Fatima, ng dalawang hindi pa nakikilalang salarin. Umalingawngaw ang tatlong putok – dalawa sa ulo at isa sa katawan – na tumama kay Llamas noong 8:30 ng umaga ng araw na iyon habang gulat na nakatingin ang ilang tao, na kung saan isa sa kanila ay tinamaan pa ng ligaw na bala.

Sa panahon ng ligalig, kailangang labanan ang pananahimik. Para sa mga responsable sa mga sunud-sunod na pagpatay sa mga mamamahayag at aktibista, ang piniling pananahimik ng mga katulad ni Llamas ay hindi sapat dahil kailangan silang permanenteng patahimikin para hindi na “maghasik pa ng lagim,” na sa bokabularyo ng mga kumikilos sa pagbabago ay “magmulat ng mga tao.”

Tunay na ang pagsusulat ay kinakailangang maging mas makabuluhan sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga isyung dapat malaman ng mamamayan. Ang pagsusulat ay walang pinipiling lugar! Tahimik man o hindi, kailangang magsulat nang magsulat para basagin ang nakabibinging katahimikan at ipakita ang katotohanan.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailAdd tags

Aug 19, 2006 2:52 AM

Ang ‘problema’ ng lumalakas na piso

from Sir Arao by Danny
N.B. - This was published in Vol. 5, No. 32 (August 16-22, 2006) of Pinoy Weekly (p. 7), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-32/op_ed/ed-5_32_3.htm

Kung may kamag-anak kang *overseas Filipino worker* (OFW) na nagpapadala sa iyo ng dolyar, siguro’y ipinagdarasal mo ngayong tumaas ang palitan ng piso sa dolyar. Noong Agosto 10, umabot ang palitan sa P51.21 bawat dolyar – pinakamababang palitan sa loob ng apat na buwan – bago nagsara sa P51.28. Sa sumunod na araw (Agosto 11), nagsara ang palitan sa P51.25.

Ang gusto mong “pagtaas” ay nangangahulugan ng “paghina” ng piso sa dolyar. Pero hindi mo na iniisip ang mga terminong ito, dahil ang mahalaga para sa iyo ay maipalit ang mga dolyar na ipinadala sa iyo sa mas mataas na halaga.

Halimbawa, kung ang palitan ng piso sa dolyar ay umabot sa antas noong 2004 na P56.0399 – ang pinakamataas na *annual average* sa kasaysayan ng Pilipinas – hindi ba’t mas malaki ang makukuha mong pera kapag ipinalit mo na ang ipinadala sa iyong dolyar? Sa madaling salita, kahit na hindi tumaas ang suweldo ng kamag-anak mong OFW, mas marami pa rin ang makukuha mong pera kapag tumaas (i.e., humina) ang palitan ng piso sa dolyar.

Katulad mo, ayaw din ng pamahalaan ng malakas na piso. Para kasi sa isang ekonomiyang *outward-looking*, natural na mas gustong paunlarin ng pamahalaan ang sektor ng eksport. Katulad ng mga OFW, kumikita ang mga eksporter ng dolyar kaya nasa interes nila ang mataas na palitan ng piso sa dolyar.

Napabalitang ang eksport ng bansa ay umabot sa $22.74 bilyon sa unang anim na buwan ng 2006, o 16.8 porsyentong pagtaas kumpara sa nakaraang taon. Para sa pamahalaan, mas naging mataas sana ito kung

mas maraming negosyanteng pumunta sa eksport. Malinaw na ang isang malakas na pang-engganyo ay ang mataas na palitan ng piso sa dolyar.

Tinanggal na ang kontrol ng pamahalaan sa palitan ng piso sa dolyar noon pang 1962 sa ilalim ng administrasyon ni Diosdado Macapagal, ang ama ng kasalukuyang pangulo. Sa ngayon, ipinapatupad ang *floating rate system* na hinahayaan ang *market forces* na magtakda kung ano ang magiging palitan. Hindi na kakaiba ang palitan ng piso sa dolyar sa mga produkto at serbisyong depende ang presyo sa suplay at demand.

Pero may mga pagkakataong ang Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ay nakikialam sa suplay at demand ng dolyar para maapektuhan ang palitan ng piso sa dolyar. Sa mga pagkakataong masyadong malakas ang piso kumpara sa dolyar (i.e., masyadong mababa ang palitan), nililimitahan nito ang sirkulasyon ng dolyar para tumaas ang palitan.

Dahil ang kasalukuyang malakas na piso ay hindi nagsisilbi sa interes ng sektor ng eksport na gustong palakasin ng pamahalaan, hindi na nakakagulat kung sa malapit na hinaharap ay makikialam na ang BSP para mapataas ang palitan ng piso sa dolyar.

At katulad ng layunin ng pamahalaang maengganyo ang mga negosyante na pumunta sa sektor ng eksport, hinahayaan din nito ang tuluy-tuloy na *deployment* ng mga OFW sa iba't ibang bahagi ng bansa. Kung mataas ang palitan ng piso sa dolyar, mas lalong maeengganyong maging OFW ang mga kababayan natin sa halip na magtrabaho sa ating bansa.

Mapapansing ang pananaw na kailangang humina ang palitan ng piso sa dolyar ay nakatali sa direksiyon ng ating ekonomiya. Nagiging malaking isyu ang kasalukuyang malakas na piso dahil sa halip na pagtuunan ng pansin ang pagpapaunlad sa mga lokal na industriya, ang eksport ay sobra-sobrang tinututukan. At dahil hindi maunlad ang mga lokal na industriya, walang sapat na trabaho sa ating bansa kaya napipilitan ang mga kababayan nating maging OFW.

Hindi mo kasalanang ipagdasal na sana'y tumaas na ang palitan ng piso sa dolyar para maipapalit mo sa mas malaking halaga ang perang ipinadala sa iyo. Sino ba naman ang ayaw sa mas maraming pera kung sakali?

Sa huling pagsusuri, may malaking kasalanan ang pamahalaan sa pagpapatupad ng mga polisiyang masyadong umaasa sa labas.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailAdd tags

Aug 10, 2006 9:34 PM

Mensahe sa mga nag-aaral ng peryodismo

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 31 (August 9-15, 2006) of Pinoy Weekly (p. 7), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-31/op_ed/ed-5_31_3.htm

Sa kabila ng mga nangyayari ngayon, ipagpatuloy at lalo mo pang pagbutihin ang pag-aaral ng peryodismo. Sa iyong pagtatapos, sana nama'y piliin mong magsulat tungkol sa ating lipunan.

Kailangan ang mga katulad mong tutulong na magsuri sa nangyayari at magbigay ng nararapat na impormasyon sa mga tao. Alam mong ito ang esensya ng peryodismo. Pero sa panahon ng ligalig, tinitingnan ng ilang ahente ng pamahalaan ang pagsusulat nang kritikal sa mga nasa kapangyarihan bilang isang porma ng destabilisasyon, isang klase ng aktibismo na kailangang supilin.

Kaya kapag pinili mong seryosohin ang pagiging mamamahayag, nariyan ang posibilidad na matulad ka sa mga mamamahayag at aktibistang pinatay. Sinasabing mayroon nang 46 na mamamahayag na pinatay mula nang manungkulan bilang pangulo si Gloria Macapagal-Arroyo. Sa bahagi naman ng mga aktibista, umabot na sa 724 ang pinatay mula 2001, ayon sa grupong Karapatan.

Huwag mo sanang isiping tinatakot kita sa maaaring mangyari sa iyo kung itutuloy mo ang iyong pag-aaral at piliin mong maging mamamahayag. Sa mga pagkakataong may pinapatay na aktibista o kasamahan sa propesyon, kailangan ko rin kasing paalalahanan ang aking sarili sa mga nangyayari ngayon kung bakit dapat kong ipagpatuloy ang pagsusulat at iba pang gawaing may kaugnayan sa peryodismo.

Bilang mamamahayag, nararamdaman ko ang panunupil. Kahit ang mga kaibigan at kapamilya ko'y madalas akong sabihang mag-ingat, lalo na noong nawala sa ere ang aming programa sa radyong *Ngayon Na, Bayan!* sa mismong araw na ipinataw ang Proklamasyon 1017 at noong may isang saksi ang Malakanyang na inakusahan ang Kodao Productions (prodyuser ng nasabing programa) bilang isang propaganda yunit ng Communist Party of the Philippines (CPP).

Bilang propesor, nararamdaman ko naman ang pag-aalala sa mga estudyanteng katulad mong kumukuha ng peryodismo.

Alam kong kailangang ituro ang esensya ng peryodismo at ang tungkulin ng isang mamamahayag sa kanyang mga mambabasa, manonood at tagapakinig. Pero alam ko ring maaaring malagay sa peligro ang buhay mo sa oras na gawin mo nang mahusay ang iyong trabaho.

Sa aking palagay, hindi dapat manaig ang takot sa paggampan ng iyong gawain dahil ang peryodismo ay isang paraan ng pagsisilbi sa sambayanan, isang paraan ng pagtatakda ng kasaysayan. Walang lugar ang pansariling interes sa seryosong paggampan ng tungkulin dahil ang nasa isip natin ay ang kabutihan ng nakararami.

Masasabing ang progresibong pamamahayag sa tradisyon ng *La Solidaridad* at *Kalayaan* ay nakapagpamulat sa mga kababayan natin noon sa represyong ginawa ng dayuhang mananakop. Sa kasalukuyang panahon, kailangan ang mga katulad mong tutulong sa pagbabago ng ating lipunan sa pamamagitan ng makabuluhang pagsusulat, bagama't kailangan ng ibayong pag-iingat sa panahong ito.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailAdd tags

Aug 6, 2006 10:16 PM

Are you "mathematically challenged"? Not like this, I hope!

from Sir Arao by Danny

I had a good laugh looking at these answers to mathematical questions. These were sent by Joy which her colleagues at Landbank forwarded to her. While I know that journalism students are stereotyped as "mathematically challenged," I doubt if the ones who answered these are currently enrolled in my Journalism classes. Please tell me that I'm right!



Find x.



Add starShareEmailAdd tags

Aug 3, 2006 4:09 AM

Sino sa atin ang may kapansanan?

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 30 (August 2-8, 2006) of Pinoy Weekly (p. 7), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-30/op_ed/ed-5_30_3.htm

Ang mga bulag, bingi, pilay, pipi at iba pang may kakaibang paraan sa pagganap ng "normal" na gawain ng isang tao ay tinatayang mahigit 10% ng ating populasyon, ayon sa Alyansa ng May Kapansanang Pinoy (AKAP-Pinoy). Batay sa pag-aaral ng pederasyong ito ng mga organisasyon para sa may kapansanan, 80% diumano ng mga may kapansanan ay nasa ilalim ng guhit ng kahirapan (*below poverty line*).

Sa ngayon, ang mga ito ay estimasyon lamang dahil kahit ang AKAP-Pinoy ay umaming wala pang malinaw na estadistika ng aktuwal na bilang ng mga may kapansanan sa Pilipinas. Pero nilinaw ng isa kong kakilala sa National Council for the Welfare of Disabled Persons na kasama na sa ginaganap na *census* ngayong taon ang pagkuha ng impormasyon tungkol sa mga may kapansanan sa bawat kabahayan.

Kaya kapag lumabas na ang mga resulta ng *census* (malamang sa taong 2008), malalaman na natin kung gaano karami ang mga may kapansanan sa Pilipinas at iba pang mahahalagang datos tungkol sa kanila. Siyempre, depende pa rin ito kung makatotohanang ilalahad ng mga makakapanayam sa kabahayan ang kalagayan nila. Alam naman nating dahil sa negatibong pagtingin sa mga may kapansanan sa ating bansa, may posibilidad na itatago na lang ng mga kasambahay ang pagkakaroon ng kapamilyang may kapansanan. Sana naman ay hindi mangyari ito.

Gayunpaman, alam nating may iba't ibang antas ng kapansanan kaya talagang mahirap masabi kung ang isang tao ay mayroon nito. Kung babasahin ang Magna Carta for Disabled Persons (Republic Act No. 7277) na ipinatupad noong 1992, ito ang kahulugan sa wikang Ingles ng mga may kapansanan (disabled persons): "*(T)hose suffering from restriction or different abilities, as a result of a mental, physical or sensory impairment, to perform an activity in the manner or within the range considered normal for a human being.*" (Sec. 4a)

Pansining ang pamantayan ng kung ano ang normal ay hindi malinaw. Batay sa depenisyong ito, malawak ang antas ng sinasabing kapansanan at walang pagkakaiba sa pagitan ng mga permanente at pansamantalang nagkaroon ng kapansanan. Ang isang may trangkaso, halimbawa, ay maaaring masabing may kapansanan sa panahong siya ay may sakit.

Pero sa konteksto ng nangyayari sa ating lipunan, masasabi ba nating may kapansanan din ang ilang opisyal ng pamahalaan? Ayon muli sa Magna Carta for Disabled Persons, ito kasi ang kahulugan sa wikang Ingles ng salitang impairment: "*(A)ny loss, diminution or aberration of psychological, physiological, or anatomical structure of function.*" (Sec. 4b)

Masasabi ba nating normal ang mga pahayag at aksyon ng Kalihim ng Hustisya (*Justice Secretary*), tulad noong sinabi niyang ang isang aktres na nagsalita laban sa pamahalaan ay masyadong maganda para ipakulong? At nang manawagan ang isang dating Pangulo ng Pilipinas para sa pagbibitiw sa puwesto ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, hindi ba't sinabi niyang dapat muna nitong asikasuhin ang problema ng napariwarang anak? At sa kaso ng diumanong panggagahasa sa isang dalaga sa Subic ng ilang sundalong Amerikano, sinabi niyang nagdesisyon na lang siyang gawing *principal* ang mga akusadong Amerikano hindi dahil sa bigat ng ebidensya laban sa kanila kundi dahil sa pag-iingay ng mga militanteng organisasyon.

Mula 2001, marami pa tayong maaaring mabanggit na kaso ng *impairment* (o kung gagamit ng katagang ginamit sa pahayag noon ni Macapagal-Arroyo sa gitna ng isang iskandalo, "*lapse in judgment*"). Sa mga pagkakataong ito, hindi maiiwasang maisip kung normal bang gumagana ang utak ng ilang opisyal natin.

Pero sa kabilang banda, hindi tayo dapat masyadong mag-aksaya ng panahon sa pag-alam kung sila ba ay may diperensya sa utak. Higit na mahalaga ang pagsusuri sa kung anong klaseng interes ang kanilang itinataguyod, kaya sila nagbigay ng mga ganitong klaseng pahayag na walang lohika.

Malaki ang kaibahan ng bulag sa nagbubulag-bulagan, ng bingi sa nagbibingi-bingihan, ng pilay sa nagpipilay-pilayan at ng pipi sa piniling nakatikom na lang ang bibig.

Sa isang sitwasyong may naghahari-harian, hindi tayo dapat manatiling bulag, pipi at bingi. Kailangan nating makinig para maging mulat sa mga nangyayari sa ating lipunan at hindi magdalawang-isip na iparinig ang ating boses ng pagkondena.

Ang pagkilos para sa pagbabago ay hindi paglihis sa "normal" na kalakaran sa ating lipunan. Ang pagtutol at pagkondena ay hindi dapat itago tulad ng nakalulungkot na tendensya ng ilang mamamayang gawin ito sa isang kapamilyang may kapansahan.

Tunay na ang pagkilos ay hindi aberasyon (*aberration*) o kapansanan, kundi isang malaking pangangailangan.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailAdd tags

Jul 31, 2006 10:41 PM

Why am I proud of my younger sister?

from Sir Arao by Danny

It's seldom that I pay my younger sister Lorna a compliment for what she has achieved so far, so I am taking this opportunity in between advising of my students to tell the public of her recent national award, as well as her acceptance to the PhD Chemistry program at the University of California, Davis on a full scholarship.

By the way, she teaches at the Ateneo de Manila University (AdMU) where she earned her two baccalaureate degrees in Computer Engineering and Chemistry and, most recently, a master's degree also in Chemistry. Please find below an article about her that was published in the *Loyola Schools Bulletin* (Issue 9, February 2006) and posted on the AdMU Department of Chemistry website.

> **Chemistry instructor receives DOST outstanding MS thesis award**
>
> Lorna Arao-de Leoz, an instructor and MS Chemistry graduate of the Department of Chemistry, won the award for Outstanding Thesis in Advanced Science and Technology from the Philippine Council for Advanced Science and Technology Research and Development (PCASTRD) of the Department of Science and Technology (DOST). The awarding ceremony took place last December 9 at the PHIVOLCS Auditorium at UP Diliman.
>
> De Leoz's MS thesis entitled "A Modified Synthetic Method for Mitoxantrone, An Anti-cancer Drug" was chosen among many contenders in the field of chemistry from various universities. Her thesis adviser was Modesto T. Chua, Ph.D., of the Department of Chemistry and Executive Director of the Philippine Institute of Pure and Applied Chemistry (PIPAC). De Leoz did her research in collaboration with Mary Ann Endoma, Ph.D., of UP Diliman Institute of Chemistry and Gisela Concepcion, Ph.D. and Lourdes Cruz, Ph.D., both from the UP Marine Science Institute.
>
> This is not the first time that de Leoz has received an award for this research. In March 2005, she also won first place in the SOSE Awards for Outstanding Student Research, Graduate Level.
>
> De Leoz completed her undergraduate education at the Ateneo with a BS Chemistry in 1994 and a BS Computer Engineering in 1995. She was recently accepted to the PhD

Chemistry program at the University of California, Davis.

Ironically, Lorna was more into writing in her high school days. She was, in fact, editor-in-chief of her high school's campus publication. Would you believe that **I** was the one who excelled in Math and Natural Science in high school and hated writing?

From what I recall, she opted to go to AdMU since she was awarded a full scholarship there under a double-degree baccalaureate program. She also managed to get another scholarship when she applied in the master's program.

What else can a UP and DLSU-educated brother tell his younger sister who opted to make waves at a different school? **Not bad for an Atenean!** Good luck on your PhD studies abroad!

Add starShareEmailAdd tags

Jul 27, 2006 10:11 PM

Walang Kaligtasan sa Panahon ng Karahasan

from Sir Arao by Danny

N.B. - This was published in Vol. 5, No. 29 (July 26-August 1, 2006) of Pinoy Weekly (p. 7), the full text of which may also be retrieved from URL http://www.pinoyweekly.org/pw5-29/op_ed/ed-5_29_3.htm

Layunin diumano ng pamahalaan ang kaligtasan ng mga Pilipinong nasa Lebanon ngayon. Ayon sa Philippine Association of Mediterranean Agencies Deploying Labours, may 26,146 Pilipinong nasa Lebanon, at 68% ng mga ito ay nasa Beirut.

Pero nang manawagan si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa mga puwersang Israeli at Lebanese na huwag idamay sa kanilang giyera ang mga kababayan natin, hindi ko maiwasang mapailing. At nang sabihin niyang ang target ay *zero casualty* para sa mga Pilipinong nasa Lebanon, mabilis na pumasok sa aking isipan ang lumalalang rekord ng pamahalaan sa paglabag sa karapatang pantao. Marami kasing salitang puwedeng gamitin para ilarawan ang mga insidente ng

paglabag sa karapatang pantao, pero hindi kasama sa mga ito ang *zero casualty*.

Mula 2001 hanggang Hulyo 21, 2006, mayroon nang 711 aktibista ang pinatay at may 175 pang nawawala. Noong Hulyo 20, sa mismong araw na nanawagan ni Macapagal-Arroyo para sa kaligtasan ng mga Pilipino sa Lebanon, binaril si Madonna Castillo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa Isabela at binawian siya ng buhay makalipas ang 11 oras. Sa sumunod na araw (Hulyo 21), binaril din ang kasamahan niyang si Benjamin Luzano na bagama't nalagay sa kritikal na kondisyon ay napabalitang nabuhay naman. Si Arnel Guevarra ng Mexico, Pampanga na pinatay noon ding Hulyo 21 ay ang pinakahuling naisama sa humahabang listahan ng mga pinatay sa ilalim ng administrasyong Macapagal-Arroyo.

Dalawang araw bago ang pamamaril kay Castillo, pinatay naman ang brodkaster na si Armando Pace ng Radyo Ukay Digos sa Davao del Sur. Ayon sa datos ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), si Pace ay ika-45 na mamamahayag na pinatay mula nang maging pangulo si Macapagal-Arroyo.

Ilang beses nang sinabi ng mga ahensiya ng pamahalaan na ginagawa nito ang lahat para bigyan ng hustisya ang pagkamatay ng mga aktibista at mamamahayag. Pero ano ba ang maaasahan ng mga kasamahan at pamilya ng namatayan kung ang mismong pamahalaan ang itinuturong responsable sa sinapit ng kanilang mahal sa buhay? Nagkakaroon ng krisis sa kredibilidad ang pamahalaan kung patuloy na mabagal ang gulong ng hustisya at kung may tendensya itong ipasa ang kasalanan sa mga sinasabi nitong "kaaway ng estado."

Hindi ba't sinabi ng isang opisyal ng Philippine National Police (PNP) kamakailan lang na ang mga rebeldeng New People's Army (NPA) ang siyang pumapatay sa mga mamamahayag? Ang mga militar naman noon ay itinuro din ang NPA na responsable sa pagkamatay ng mga aktibista. May internal na pagpupurga (purging) daw kasi ang NPA dahil sa matagumpay na impiltrasyon ng militar. Kaugnay nito, ang mga legal na organisasyong kinabilangan ng mga aktibistang pinatay ay inakusahan ding prente ng mga komunista. Tandaan nating hindi lang mga pulis at militar ang nagbigay ng ganitong pahayag, dahil ang ilang opisyal ng gobyerno ay sang-ayon sa kategorisasyon ng ilang legal na organisasyon bilang prente ng mga komunista.

Sa gitna ng mga akusasyong ito nangyayari ang pagkamatay ng mga aktibista at mamamahayag. Kaya nga hindi na ito usapin ng pagkakaroon ng polisiyang *zero casualty* sa mga opensibang operasyon ng militar. Sa mata ng pamahalaan, ang sinumang kontra sa pamahalaan ay kaaway, armado man o hindi. Isang malaking kasalanan ang maging kritikal sa pamahalaan dahil ang parusa dito ay bayolenteng kamatayan.

At ngayon, naglaan ang pamahalaan ng isang bilyong piso para diumano sa *all-out war* laban sa NPA. Hindi na nakakagulat ang pagtutol ng mga militanteng grupo sa polisiyang ito dahil alam nilang magreresulta ito sa higit pang pagtaas sa insidente ng paglabag sa karapatang pantao, partikular ang pagpatay sa mga opisyal at miyembro nila.

Ang lumalaking bilang ng mga pinatay at nawawala ay ginagamit ngayong halimbawa ng pamahalaan para sa mga nag-iisip na kumilos para sa pagbabago. Pero para sa mga nagpapatuloy na gawin ang sa tingin nila ay nararapat, nagsisilbing inspirasyon ang pakikibaka ng mga pinatay at nawawala para

ipagpatuloy ang pagkilos nang hindi alintana ang nakaambang panganib.

Nais nating lahat ang kaligtasan ng libu-libo nating kababayan sa Lebanon, pero ang inisyatiba ng pamahalaan ay hindi nagpapakita ng pagiging makatao nito. Sa pagbalik ng mga kababayan natin sa Pilipinas, sana'y makita rin nila ang marahas na pagtrato ng pamahalaan sa mga itinuturing nitong kaaway.

Tandaan nating sa panahon ng karahasan, walang kaligtasan ang mga mamamayan.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com

Add starShareEmailAdd tags

Jul 26, 2006 1:07 AM

How good is your Tagalog? Take the test now!

from Sir Arao by Danny
Joy sent me this Microsoft Excel file which contains a 100-item test in translating selected English words into Tagalog. She said that her colleagues at Landbank had a blast trying to answer this during their spare time.

Needless to say, Joy and I spent our Friday night answering the test. Think your Tagalog is good enough? I dare you to download this file and answer the test without referring to an English-Tagalog dictionary.

By the way, you may find some answers debatable, but I think this test was done in the spirit of fun.

Add starShareEmailAdd tags

Jul 19, 2006 2:51 AM

UP holds “Tagulaylay” procession July 20 to denounce abduction of two students

from Sir Arao by Danny

N.B. - Below is a press release of an important activity to be held at UP Diliman tomorrow (Thursday).

July 20 marks the 24th day of the forced disappearance of two University of the Philippines (UP) students. The UP community remembers this day with a requiem procession.

UP students Karen Empeno and Sherlyn Cadapan, together with a farmer, were abducted by masked men in Hagonoy, Bulacan last June 26. Prior to their forced disappearance, the two students were working as volunteers for a peasant organization.

Karen and Sherlyn are now two of the 181 victims of forced disappearances in the last five years. Since Gloria Macapagal-Arroyo assumed office in 2001, 705 activists have also been killed.

In this light, Tigil-Paslang UP — a broad alliance of students, faculty and staff formed in the wake of Karen and Sherlyn’s disappearance — will organize “Tagulaylay: Hinagpis at Pakikibaka,” a requiem procession for the victims of Macapagal-Arroyo’s state terror on July 20 (Thursday), 5 p.m. at the Quezon Hall in UP Diliman.

The activity aims to show the UP community’s collective grief and indignation over the continuing violations of the people’s civil liberties and the demand that Karen and Sherlyn be released. It includes lamentations, protest songs and poetry prepared by faculty members and students. A procession around the academic oval will culminate with the laying down of 100 crosses at the Sunken Garden to represent the growing number of victims of human rights violations.

Those who will join are encouraged to wear black and red and bring candles.

It may be recalled that UP President Emerlinda Roman as early as last July 3 wrote to the secretaries of the Department of National Defense and the Department of Interior and Local Government asking their assistance to locate the two missing students.

Nine days after (July 12), UP Diliman’s University Council (UC) — composed of assistant, associate and full professors — passed a resolution expressing “great concern” over the inaction of government authorities to produce the two missing students. For their part, UP students through their University Student Council (USC) and other organizations have initiated a number of activities to call attention to the plight of the two students including a rally in Mendiola which was violently dispersed, as well as a mass and symbolic candle-lighting at the UP Parish of the Holy Sacrifice.

Despite these initiatives, Karen and Sherlyn remain missing.

Add starShareEmailAdd tags

Jul 17, 2006 1:55 AM

A new column at Pinoy Weekly

from Sir Arao by Danny

You may have noticed that I haven't written regularly since the middle of last year due to various administrative tasks in the University. All that has changed! I started writing a column for Pinoy Weekly last week and I have also promised my colleagues at Bulatlat that I will regularly contribute articles. To read the articles [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jul 4, 2006 2:55 AM

Speaking engagements from July to September; thanks to all well-wishers!

from Sir Arao by Danny

The first semester has barely started and I already have seven speaking engagements from July to September! Of course, all of them do not conflict with my schedule of classes this semester. On July 6 (Thursday), I will be at the Elizabeth Seton High School in Imus, Cavite to speak at the career orientation of [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 25, 2006 10:59 PM

These really made my day

from Sir Arao by Danny
Last June 18, a former student greeted me “Happy Father’s Day” through a text message. I replied to clarify that I am not yet a father but I said thanks nevertheless. This former student texted back: Ur a father to many, many students like me. (8:34:13 p.m., June 18, 2006) For me whose idea of happiness [...]
Add starShareEmailAdd tags

Jun 23, 2006 4:14 AM

Defining excellence along the lines of relevance (my accomplishment report)

from Sir Arao by Danny
My term as chair of the UP Department of Journalism ends on June 30, 2006 and it is appropriate at this point to share with you my accomplishment report titled “Defining Excellence Along the Lines of Relevance.” The 10 annexes mentioned in the report cannot be included since — with the exception of publicly [...]
Add starShareEmailAdd tags

Jun 21, 2006 12:36 AM

They’ve been talking about me, negatively!

from Sir Arao by Danny
Thanks to “googling” — no such word yet in the dictionary, but you know what I mean! — during idle moments, I chanced upon the Philippine Defense Forces Forum. If you’re a “rabid anti-Left commie basher,” then this website is for you. It has various forums on the supposed good that the police and [...]
Add starShareEmailAdd tags

Jun 19, 2006 3:38 AM

Media 250 class (for June 20)

from Sir Arao by Danny

This is just a reminder that you should submit a one-page critique of a definition of political economy tomorrow (June 20). Please also read an article by Dr. Edberto Villegas titled “What is Political Economy?” A copy is available at the College library.

Add starShareEmailAdd tags

Jun 19, 2006 12:38 AM

Grammatically challenged, really!

from Sir Arao by Danny

I got this forwarded message from Joy which contains answers of an applicant for a call center job. I doubt if this applicant got accepted. Her “murder” of the English language actually reminds me of the essay examination of some shiftees and transferees to the B.A. Journalism program whose application last summer had to be [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 18, 2006 9:38 PM

J 133 class (for June 26)

from Sir Arao by Danny

Please read “Fragments from the Past: Towards a History of the Philippine Press” by Ricardo Jose in the August 2006 issue of Plaridel (A Journal of Philippine Communication, Media, and Society (pp. 1-22). You are also required to submit a one-page analysis of a definition of Alternative Journalism. Do not forget to cite the source [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 13, 2006 5:10 AM

Global day of solidarity with Iraqi Journalists on June 15

from Sir Arao by Danny

The UP Department of Journalism will hold a forum on the situation of Iraqi journalists on June 15 (Thursday), 9:30 a.m. at the auditorium of the College of Mass Communication Plaridel Hall. Sorry for the rush, but June 15 is significant since it is the “International Day of Solidarity with Iraqi Journalists.” Please find below a message [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 13, 2006 2:10 AM

J 199 and J 200 classes

from Sir Arao by Danny

J 199 (Monday, Tuesday and Friday classes): On a one-fourth sheet of paper, please list your five research topics, ranked according to your preference (i.e., the first one being your most preferred). We will have a recitation on the concept of research. Please read two articles — one written by Edberto Villegas and the other by [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 12, 2006 11:00 PM

Bulatlat’s reason to celebrate: Congrats, Dabet Castañeda!

from Sir Arao by Danny

Congratulations to Bulatlat Online Magazine’s Dabet Castañeda for being a finalist in this year’s Jaime V. Ongpin Awards for Excellence in Journalism (investigative category, non-daily publications). She truly deserves the honor. I know that she worked hard on her article (For Land and Wages: Half a Century of Peasant Struggle at Hacienda Luisita), patiently [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 12, 2006 11:00 PM

Consequences of foreign media ownership in the Philippines

from Sir Arao by Danny

A writer for an award-winning magazine emailed me some questions about the effects of foreign media ownership in the country. As you know, this is being proposed by some groups and individuals who want to change the 1987 Constitution. Since he has not yet acknowledged receipt of the answers I sent two days ago (June [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 12, 2006 11:00 PM

Inside Butter Diner and another restaurant I'd rather not mention

from Sir Arao by Danny

While waiting for our bus trip to Tabaco City last May 26 (Friday), Joy and I decided to check out the newly opened Butter Diner in Cubao. We were greeted by an Elvis Presley look-alike who graciously led us to what we think is the best table there (and there are a few good [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 12, 2006 11:00 PM

My quoted views on blogging; my published review of a joke book

from Sir Arao by Danny

Last May 22 (Monday), a former student who was spending her internship at Business Mirror e-mailed me a set of questions about blogs and blogging. Some of my statements were quoted in an article titled "Yuchengco libel case against PEP: End of Pinoy blogger's age of innocence?" published by the newspaper in its May 26-27 (Friday-Saturday) [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 12, 2006 11:00 PM

A hectic, black t-shirt day tomorrow (May 31)

from Sir Arao by Danny

I spent the morning today (May 30) serving as master of ceremonies for two activities organized by the Center for People Empowerment in Governance (CenPEG) and Transparency International (TI)-Philippines. The first was the opening of the exhibit of the CenPEG Volunteers Integration Program (VIP) and the second was a tribute to National Artist Dr. Bienvenido Lumbera [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 12, 2006 11:00 PM

Our protracted struggle for quality time (in pictures!)

from Sir Arao by Danny

Choosing the pictures worth uploading today, I noticed that Joy and I have been spending quality time together on a protracted basis since a month ago. Last April 24 — a day before a three-day writing workshop I conducted — we went to the offices of PhilHealth and GSIS in Legazpi City to take care [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 12, 2006 11:00 PM

The Da Vinci Code: Do not analyze the movie in the context of the book

from Sir Arao by Danny

I read Dan Brown's book The Da Vinci Code last year, along with Richard Abanes' critique of some of the facts cited by Brown in a short book The Truth About The Da Vinci Code. After some time, I read The Templar Revelation: Secret Guardians of the True Identity of Christ by Lynn Picknett and [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 12, 2006 11:00 PM

What I did this summer

from Sir Arao by Danny

Most people look forward to summer since this is the time for them to take a respite from work and spend more time with the family. Some friends thought that I will do just that for the rest of the summer. With our radio program axed due to Proclamation No. 1017, they assumed that my weekdays [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 12, 2006 11:00 PM

Message: Media Relations and Media Advocacy Training Workshop (May 25-26, 2006)

from Sir Arao by Danny

N.B. — The UP Lopez Jaena Journalism Fellows Alumni Association-Bicol requested me to write a short message for the Media Relations and Media Advocacy Training Workshop on May 25 and 26, 2006 at the Camarines Sur State Agricultural College (CSSAC) in Pili, Camarines Sur. This workshop is co-sponsored by the Philippine Information Agency (PIA)-Camarines [...]

Add starShareEmailAdd tags

Jun 12, 2006 11:00 PM

Remembering “Father Abraham”

from Sir Arao by Danny
Now it can be told, no matter how much it pains me to write this. I was with Joy inside a bus ticketing office on Padre Faura St. in Manila last April 19 (Wednesday) when we learned about her father’s death at around 6:30 p.m. Mindful of our very busy schedule in Manila, Joy’s well-meaning relatives in Bicol [...]